# *MGA TANONG AT MGA SAGOT*

At masaya akong makaparitong muli ngayong gabi sa gawain ng ating Panginoon. At ngayon, nakikita kong masaya kayong lahat at inaawit itong magagandang lumang awitin, na ang lahat ay puspos ng espiritu at iba pa, na talagang nagpapasaya sa atin.

2 At masaya kami na sikaping maglaan uli ng kaunting panahon ngayong gabi para sagutin ang isang tanong o dalawa. Medyo marami tayong nagugol sa inyong oras kaninang umaga, pero umaasa akong natamo n'yo ang pagpapalang natamo ko sa pagsasalita lamang tungkol dito. Ito'y. . . Alam n'yo, marami tayong mapag-uusapan, hindi ba? At mayroon tayong Persona na mapag-uusapan, 'yun ang ating Panginoong Jesus.

3 Kapatid na Teddy, kung aking. . . kung mamarapatin mo, manatili ka lang dito sandali. Sinabi sa akin na may isang maliit na bata na may sakit sa gusali.

4 At bago ko simulan ito, mayroon tayong Komunyon (siyanga't gusto natin. . . ayaw nating gumugol ng masyadong maraming oras) at marahil mayroon ding pagbabautismo. At sila. . . Gusto kong—gusto kong manalangin para dun sa mga gustong maipanalangin muna, na ganito, manalangin muna para sa mga maysakit, bago ako magsimula.

5 At ngayon, kung. . . Teddy, kung mamarapatin mo, pakitugtog ang awit na ito, *The Great Physician Now Is Near*. At tatawagin natin ang mga maysakit at hihiling ng mga pagpapala para sa kanila rito. Ilan ba ang naparito para maipanalangin ngayong gabi? May ilan kaming nalaktawan kaninang umaga. Kung mapapataas n'yo ang kanilang kamay, kung inyong. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . at mapakinggan ang patotoong 'yun, at para purihin ang Diyos para sa lahat ng Kanyang kabutihan. Na purihin ang Diyos na pinagmumulan ng lahat ng mga pagpapala. Tama ba?

6 Ngayon, sisimulan na natin kaagad sa mga patotoong ito ngayon, at sisikapin natin, o, ipagpaumanhin n'yo, sa mga tanong po pala. At umaasa akong sadyang ibubuhos ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala sa—sa ganitong paraan.

7 At ngayon, huwag n'yong hayaang mapahaba ako sa mga ito. Kapatid na Cox, tatawagin ko ang iyong pansin, ikaw at ang mga diyakonong nakaupo riyan sa harapang hanay, para pahintuin ako kapag ako. . . kapag malapit na ang oras para ibigay sa atin ang Komunyon (kita n'yo?), dahil mapapanatili ko sila nang masyadong matagal kung ganoon. Sisikapin kong bilisan sa abot ng makakaya ko. At pagkatapos, kung hindi ko matapos ang

mga ito ngayong Linggo, tatapusin ko ang mga ito sa susunod na Linggo; hindi, sisikapin ko pong matapos ngayong gabi.

8 Sadyang magagandang mga tanong ang mga ito. At sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, kung hindi lang sa rebaybal at mga bagay na nagaganap, ibig ko sanang magtakda ng mga sanlinggo para mismo sa tuluy-tuloy na mga pagtuturo ng Biblia sa. . . sa Genesis, at Exodo, at Apocalipsis, at iba pa, at—at magkaroon lang ng isang—isang talagang kaaya-ayang panahon. Gustung-gusto ko ng malalalim na tanong sa Biblia at mga pagtuturo ng Biblia, basta't hindi ka malilihis sa kung anong gawa-gawang bagay. Manatili lang nang tuwid sa maliwanag, na sinaunang, purong Salita ng Diyos; dadalhin ka Nito hanggang sa dulo. Hindi nga ba't sinasampalatayanan n'yo 'yan?

9 Buweno hayan nga, kaninang umaga, nagkaroon tayo ng ilan—ilan sa pinaka magagandang tanong, ang ilan sa mga 'yun ay tungkol sa sandaan at apatnapu't apat na libo, kung sino sila, at anong magiging bahagi nila? At—at tungkol sa Nobya. At oh, sadyang maraming bagay, at sadyang talagang malalalim na tanong. At mayroon akong ilan na hindi ko natapos.

10 Ngayon, sa gabing ito ay sisimulan natin dito mismo sa isang ito, at hihilingin sa Panginoon na tulungan tayo. At ngayon, hindi natin kayang buksan ang Biblia. Mabubuksan natin Ito nang pabuklat na paganito, pero kailangang ang Diyos para talagang buksan Ito para sa atin. Maaari nating buklatin ang mga pahina. Pero sa Aklat ng Apocalipsis, noong tumingin si Juan, at nakita niya ang Isa na nakaupo sa Luklukan, at mayroong. . . mayroon Siyang Aklat sa Kanyang kamay. At walang tao na karapat-dapat na kumuha sa Aklat, o magtanggal ng mga Tatak, o kahit makatingin man doon. Walang tao sa Langit, walang tao sa lupa, o walang tao sa ilalim ng lupa, o wala saan man ang—ang karapat-dapat. At nakita niya ang isang Cordero, na wari'y pinatay Ito buhat pa nang itatag ang sanlibutan. At lumapit Ito at kinuha ang Aklat mula sa Kanyang mga kamay at binuksan ang mga Tatak; Iyon si Jesus Cristo.

11 Ngayon, may kausap akong tao ngayong linggo, isang kilalang-kilalang negosyante sa bayan, may nabanggit siya sa akin tungkol sa pagbabalik ko sa Aprika at India: sabi niya, "Naku, may napatay silang isang heneral na taga-Britanya roon."

Sabi ko, "Ano naman ang kinalaman nun sa akin?"

Sabi niya, "Babalik ka roon kung saan nagaganap ang lahat ng pagpatay na 'yun, 'yung kaguluhang 'yun ng magkakalabang angkan, at kung anu-ano pa?"

Sabi ko, "Oo naman, doon ako kailangan, sa dako kung saan nais ng Panginoon na pumunta ako."

Sabi niya, "Paano kung patayin ka nila?"

Sabi ko, "Buweno, kung naisin ng Diyos na mapatay ako, mapapatay mismo ako, ganoon 'yun."

At sabi niya, "Oh, grabe!" Sabi, "Kapatid na Branham, hindi mo dapat isipin ang ganyan. Buweno," sabi, "Di ko alintana. Sa tingin ko'y relihiyoso ka, at sa tingin ko'y isa kang mabuting tao," sabi niya, "pero si Jesus Cristo nga'y pinatay nila."

Sabi ko, "Tunay, kalooban kasi 'yun ng Diyos."

Sabi niya, "Ano? Kalooban ng Diyos?" Ako . . . At nagsisimba ang lalaking 'yun (malapit na siyang mag-sitenta), matagal nang dumadalo sa simbahan (nakalista na ang pangalan niya mula noong musmos pa siya sa isang magandang simbahan sa lungsod na ito), at lumaki siya roon, at hindi alam na kalooban ng Diyos na mamatay si Jesus.

12 Aba, sabi ko, "Kapatid, Siya ay pinatay buhat pa nang itatag ang sanlibutan, mula mismo sa pinaka simula. Pinatay na Siya bago pa man Siya naparito sa lupa." Tama ba? Siya ang Cordero ng Diyos na pinatay buhat nang itatag ang lupa.

13 Makipag-usap tayo sa Kanya pansumandali para sa mga katanungan. Ngayon, Ama, hindi po kami karapat-dapat, wala kaming kakayahan, siyanga't napagtatanto namin, para magbukas sa Aklat o tumingin man doon. Ngunit itulot Mong dumating ang Cordero ngayon sa gabing ito, ang Cordero ng Diyos na pinatay buhat pa nang itatag ang sanlibutan, kunin ang mga bagay na sa Diyos at ipresenta ang mga ito sa kongregasyon. Dalhin nawa ng Espiritu Santo ang mga salitang ito, at hindi nawa maging mga salita ko ang mga ito o salita ng tao, kundi ang mga ito nawa'y maging mga Salita ng Diyos sa bawat pusong nagugutom. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ang una rito (hindi na natin naihalo-halo ang mga ito o anuman, haya't sunud-sunod gaya ng pagkakapasa sa mga ito), mukha namang maayos 'yung ganito. Una sa lahat, ilan po ang interesado sa mga tanong na ito? Tingnan nga natin ang inyong . . . Buweno, napakainam po. Mainam na malaman ko.

**15.** Ngayon. **Ang tao ba pagkamatay ay mapupunta sa Langit o—o sa impyerno kaagad-agad, o hihintayin pa ba nila ang paghatol?**

14 Napakagandang tanong n'yan. At ito nga . . . ay nararapat na isaalang-alang na mabuti, dahil interesado ang bawat tao, kung magiging ano siya pagkatapos ng buhay na ito? Interesado siyempre ang bawat tao. Buweno ngayon, ako, kung sa ganang akin, hindi ko—hindi ko malalaman. Kailangan kong sumagot mula sa Biblia.

15 Sa palagay ko napagastos ang isang babae ng limampung dolyar na bayarin sa telepono kanina lang mula Los Angeles, halos tatlumpu't lima o apatnapung minuto, o baka mas mahaba

pa, na long distance na tawag, na pinagpipilitan na sabihin ko na legal at tama na kanyang iwan ang asawa niyang lalaki't pakasalan niya ang ibang lalaki. Hindi ko gagawin 'yun. Hindi! Sabi ko, "Hindi, po!"

Sabi niya, "Buweno, makasalanan ang asawa kong lalaki, at ito namang isa ay Cristiano."

16 Sabi ko, "Walang kinalaman 'yun dun. Magiging mangangalunya ka ano't anuman."

Sabi, "Buweno, isa akong tuberkular, at hindi ko na kailangang mabuhay kung di mapapasaakin ang lalaking ito."

17 Sabi ko, "Nahahaling ka't di umiibig, dahil hindi 'yun maaari, siyanga, dahil may asawa ka. At nangako ka na mamumuhay kasama niya hanggang sa paghiwalayin kayo ng kamatayan. Anupamang iba roon, nangangalunya ka na." At mangyari, na di siya matigil sa pamimilit. Sabi ko, "Ginang, hindi na kailangang . . . "

Sabi niya, "Kung sasabihin mo lamang sa akin na ayos lang 'yun."

Sabi ko, "Hindi ko sasabihin 'yun." Sabi ko, "Ako'y . . . "

Sabi niya, "Buweno, Kapatid na Branham, napakalaki pa naman ng tiwala namin sa iyo."

18 Sabi ko, "Kung ganoon makinig ka sa sinisikap kong sabihin sa iyo. Sinasabi ko sa iyo ang Katotohanan, dahil hindi ko maaaring sabihin ang anuman kundi kung anong sinabi ng Diyos." Sinabi ng Diyos na 'yun ang totoo, kaya naman ganoon na ito mismo. Kita n'yo? Sabi ko, "Ganoon ito—ganito talaga dapat dito, at ganoon dapat ito."

19 At kaya, sa mga tanong na ito, ganoon ang gusto natin sa mga ito. Ngayon, noon pa man iniisip na . . . Ngayon, dito, mapagtatanto n'yo, dito sa maliit na sandakot na bilang ng mga tao ngayong gabi, marahil narito ang lahat ng uri ng iba't ibang kaisipan; at sa tingin natin ang lahat ng ito ay mainam, bawat isa sa mga ito. Mainam ang kaisipan n'yo, at ito'y isang . . . Pero ngayon, ang ginagawa natin, kinakailangan natin ng isang . . . Katulad sa mga gansa, mga pato, anumang bagay, ang lahat ay may- . . . mga bubuyog man, ang lahat ay may tagapamuno. Kung mamatay ang reynang bubuyog, alam n'yo na ang mangyayari. Kapag mamatay ang lider na pato, kinakailangan nilang magkaroon ng panibago. Haya't, sadyang kinakailangan nilang magkaroon ng lider.

20 At kinakailangang magkaroon ng tagapamuno ang tao; at ang Tagapamuno ay ang Espiritu Santo. At nagtatalaga ang Espiritu Santo sa Iglesya una, ng mga apostol, pagkatapos nun, mga propeta, at iba pa.

May nagsabi di pa katagalan, sabi, "Aba, Kapatid na Branham, hindi namin kailangan ng sinuman para magturo

sa amin. Kapag dumating ang Espiritu Santo, hindi na namin kailangan ng sinuman para magturo." Sabi, "Sinasabi ng Biblia na hindi n'yo na—hindi n'yo na kailangan ng pagtuturo."

21 Sabi ko, "Kung ganoon bakit nagtalaga ang siyaring Espiritu Santo sa Iglesya ng mga guro, kita mo, kita mo, at inilagay sa ayos ang Iglesya?" Sila . . . Kinakailangan nating magkaroon ng mga tagapagturo. Siyanga.

22 Pero hindi n'yo na kailangan ng sinuman . . . Na kailangan pa kayong turuan na sasabihin "Huwag kayong mangalunya; huwag kayong susumpa, at kukuha . . . " Alam n'yo na 'yun. Yung mismong budhi n'yo ng Espiritu Santo ang nagsasabi na maling gawin ang ganoon.

23 Pero ngayon sa turo ng Kasulatan, kinakailangan ng isang pinahiran ng Espiritu Santo. Siyanga. At inilagay ng Diyos ang Iglesya sa ayos sa pamamagitan ng mga apostol at mga propeta, at mga kaloob ng pagpapagaling at mga himala, at iba pa. Inilagay Niya sa ayos ang Iglesya at naglagay ng mga guro at iba pa roon upang pumatnubay at mangasiwa sa Kanyang Iglesya. At ngayong umaga, tayo, gaya nga ng nabanggit natin, si Jesus ay nasa ibabaw ng lupa habang ang Kanyang Katawan . . . At ang paraan mismo ng pagkilos ng Kanyang katawan, 'yun ay para bang isang anino na naaaninag sa lupa. Gagalaw Ito kalakip nito.

24 Ngayon, maraming tao . . . Naniniwala ang mga Adventist na kapag namatay raw ang isang tao ay pumupunta siya diretso sa libingan at mananatili roon, kaluluwa, katawan, at lahat mismo, hanggang sa pagkabuhay na mag-uli. At ang kanilang . . . Tinatawag nila 'yun na "pagtulog ng kaluluwa." Buweno, ayos naman 'yun. Ayos lang 'yun basta't sumasampalataya sila kay Jesus Cristo at naipanganak silang muli, hindi 'yun makakaapekto sa kanila. Pero ngayon, ayon po sa mga Kasulatan, na kapag namatay ang tao, kung isa siyang Cristiano, kung siya'y ipinanganak na muli, puspos ng Espiritu Santo, hindi na niya kailangang tumayo sa mga paghatol ng Diyos. Kita n'yo? Mapupunta siya diretso mismo sa Presensya ng Diyos. At hindi na niya kailangan kailanman na mahatulan, dahil siya'y tapos nang . . . Kita n'yo?

25 Hindi ko kailangang tumayo para sa ginawa para sa akin ni Cristo. Ngayon, ako noon ay isang makasalanan, pero ang kahatulan ni Cristo . . . Heto—heto ang buong pahayag sa ilang mga salita: Sabi ng Diyos, "Sa araw na kumain ka niyaon, sa araw na iyon ay mamamatay ka." At ganoon nga ito.

26 Ngayon, kailangang tuparin ng Diyos ang Kanyang Salita. Wala nga Siyang ibang gagawin kundi tuparin ang Kanyang Salita, dahil Siya'y Diyos. Buweno kung ganoon, hindi Niya maaari. Kung ganoon, Siya . . . Nahiwalay kayo sa Diyos. Ang . . . At pagkatapos, ipinanganak kayo sa kasalanan, inanyuan

sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan. Kaya noong maipanganak kayo, likas na kayong makasalanan. Kaya wala nang anupaman sa mundo na magagawa n'yo sa bagay na ito. Wala akong magagawa para mailigtas ang sarili ko o kayo para iligtas ang sarili n'yo. Ito nga'y kung ano ang ginawa ni Cristo para sa atin sa Diyos, o, kung anong ginawa ng Diyos para sa atin kay Cristo. Kita n'yo? Hindi 'yun, buweno, kung iniisip ko ang *ganito* o kung gagawin ko ang *ganito*, ito nga'y kung Kanyang ginawa *'yun*.

27 Buweno ngayon, tayo'y nasa Kanya. Pagkatapos tiniis Niya ang mga hatol ng Diyos; kinuha Niya ang kahatulan. At Siya, na inosente sa pagkakasala, hindi nakakaalam ng kasalanan, gayunma'y naging kasalanan para sa atin. Kaya hangga't kayo'y nakay Cristo, ligtas kayo sa kahatulan. "Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo." Kita n'yo, kita n'yo? Ganoon nga. Ang Dugo, ang nagpapalaya sa atin.

28 Ngayon, ang makasalanan ay hindi kailanman… Kinakailangang tumayo ng makasalanan sa paghatol. At wala nang iba kundi ang paghatol na ito. Ito'y para bang isang—isang bilog o isang bahaghari sa palibot ng daigdig ng Dugo ni Cristo. Hangga't narito kayo sa loob…Kung matutunghayan ng Diyos ang lupa sa kalagayan nito ngayong gabi sa anumang ibang paraan maliban sa Dugo ni Cristo, wawasakin Niya ito sa isang iglap. Kailangang gawin Niya. Siguradong gagawin Niya. Doon magmumula ang mga kahatulan.

29 Ngayon, kung, o, hangga't narito sa ilalim nun ang tao, kahit pa isang lasenggo 'yung tao, at isang sugarol, at isang teribleng di-mananampalataya, bayad-sala pa rin para sa kanya ang mga biyayang-kahabagan ng Diyos. At ang isang babae, maaaring siya, maging ano pa man siya, isang patutot marahil o kung ano, isang bayad-sala pa rin para sa kanya ang Dugo ni Jesus Cristo. Pero sa sandaling lisanin na ng kaluluwa nung tao ang katawang ito at lampasan niya 'yun, lumipat na siya mula sa biyayang-kahabagan patungo sa kahatulan. Hinatulan na ito ng Diyos. Natapos na roon. Tapos na siya. Hinatulan na siya. Hinatulan niya…

30 Hinahatulan mo ang iyong sarili dahil sa pagtrato mo sa pagtutubos ng Diyos, doon, na para sana sa iyong mga kasalanan. Kita n'yo? Hinahatulan n'yo ang sarili n'yo. Hindi n'yo Siya naibunsod na humatol nang may sapat na *katuwiran* para patawarin kayo. Kita n'yo? Kung sa tingin n'yo ay patatawarin Niya kayo, ipahayag n'yo ang inyong mga pagkakamali, at patatawarin Niya kayo.

31 Kung magkagayon sa pamamagitan ng isang Espiritu (pansinin) ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan. At kung papaanong ibinangon ang katawang 'yun ng Diyos, binuhay na mag-uli mula sa mga patay, inaring-ganap,

nakaupo sa Kanyang kanan sa kapangyarihan at kamahalan sa Langit, gayundin sila na mga namatay kay Cristo, sila na nakay Cristo, at malaya na sa paghatol, ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli.

32 Ngayon. Pero kapag namatay tayo ngayon—kapag namatay tayo ngayon, direkta tayong pupunta sa Presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat sa isang selestiyal na katawan. Kung magkikita kami ni Kapatid na Neville doon sa itaas, kung mamatay kaming pareho ngayon, haya't isang oras mula ngayon ay makakatagpo ko siya; sasabihin ko, "Kumusta, Kapatid na Neville," makikipag-usap sa kanya. Hindi ko siya makakamayan; nasa katawang selestiyal siya. Nakakausap ko siya roon; kagaya rin ang itsura niya roon. Pareho rin ang itsura ko. Pero nakakausap namin ang isa't isa, pero hindi namin nahahawakan ang isa't isa, dahil wala kami nung alinman sa limang pandama na paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, at pandinig. Kita n'yo? Pero kami'y magiging imortal, at makikita namin ang isa't isa. Maninirahan kami sa mga pinagpalang dako sa tabi ng dambana ng Diyos. Hindi n'yo ba nalalaman na nakita ni Juan ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana na umiiyak, "Gaano pang katagal, Panginoon, gaano pang katagal" para bumalik sa lupa upang mabihisan?

33 Pagkatapos, kapag si Jesus, na nasa atin ngayon sa anyong Espiritu Santo, kapag ang selestiyal Niyang katawan, ang Espiritu Santo, ay bumalik na may niluwalhating katawan na, tayo'y luluwalhatiing kasama Niya at sa Kanyang wangis. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Pagkatapos ay makakamayan ko na siya't masasabi, "Heto na ito, Kapatid na Neville." Saka kami kakain.

34 Tingnan n'yo. Sinabi ni Jesus sa mga alagad Niya, sa pagtanggap nila ng kanilang Komunyon, ang sabi Niya, "Hindi na Ako kakain ng bunga ng ubas hanggang sa kainin Ko 'yun at inumin Kong panibago na kasalo ninyo sa Kaharian ng Aking Ama." Tama ba? Kita n'yo? Hayan nga ito. Kaya, tayo... Kapag namatay ang mga patay...Isang taong inaring-ganap, na nakatayo sa Presensya ng Diyos, pupunta siya sa Kanyang Presensya bilang isang imortal na nilalang at mamumuhay sa pinagpalang dako ng kapayapaan hanggang sa araw na... babalik.

35 Ngayon, may panahon noon na hindi napupunta ang mga tao sa Presensya ng Diyos kapag namatay sila, ang mga inaring-ganap. Yun ay sa Lumang Tipan noon. Napupunta sila sa isang lugar na tinatawag na Paraiso, at naghihintay roon sa Paraiso ang mga kaluluwa ng matutuwid. Pero ang Paraiso ay isang lugar kung saan inilalagay ng Diyos ang mga kaluluwa sa parang isang lupain ng panaginip, hanggang sa nabubo ang Dugo ni Jesus Cristo; dahil hindi inaalis ng dugo ng mga toro at ng mga

kambing ang kasalanan, tinatakpan lang nito ang kasalanan. Subalit ang Dugo ni Jesus ay nag-aalis ng kasalanan.

36 Napansin n'yo na ang Kanyang. . .noong namatay Siya sa Kalbaryo. . .At sa Kanyang pagbabalik, inilabas Niya mula sa mga libingan 'yung mga patay na banal na 'yun na namatay sa ilalim ng pambayad-sala na dugo ng mga toro, at ng mga kambing at ng mga guyang baka. At pumasok sila sa bayan (oh!) at nagpakita sa marami. Napakagandang larawan! Oh, kung maipipinta lang sana natin ito pansumandali. Tingnan n'yo si Jesus noong Siya'y namatay.

37 Dito, gaya ng madalas kong sinasabi, naniniwala ako, sa iglesya rito, may isang—isang hilera rito na parang, dito naninirahan ang mga mortal na nilalang. At ang bawat isa'y narito sa malaking kalipunan ng kasayahan, ng karimlan at kadiliman. Nabubuhay rito ang mga mortal. Ngayon, naiimpluwensyahan sila alinman sa manggagaling *dito*, o manggagaling *doon*. Hindi ka maaari ritong maging isang espirituwal na nilalang, makasalanan man o banal, nang walang impluwensya mula sa daigdig sa ilalim ng lupa o mula sa daigdig sa ibabaw ng mundo. Kung naimpluwensyahan ka mula rito, taga-itaas ka. Naghihintay ang selestiyal mong katawan dito sa itaas. Pero kung ikaw ay masama, at mapagkunwari, at walang malasakit, ang katawan mong selestiyal ay taga-rito sa ibaba, kahit na gaano mo pang isipin na naroon 'yun sa itaas; dahil ang bunga na ipinamumunga mo sa harap ng mga tao ay nagpapatunay kung taga-saan ka. Kaya narito ka kung ano ka sa ibang dako. Sumasalamin lang ang buhay na ipinamumuhay mo rito kung ano ang mamanahin mo paglisan mo rito. Nauunawaan n'yo ba?

38 Tayo ngayon (oh, sa tuwing naiisip ko 'yun) tayo ngayon ay niluwalhati na sa harapan ng Diyos, mga mananampalatayang ipinanganak nang muli. "Sapagkat kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay mayroon tayong isa pa na naghihintay sa Kaluwalhatian," hindi saanmang ibang lugar, kundi naroon mismo na naghihintay ngayon. At dumadaing ang mga makalupang katawan na ito na mabihisan ng walang kamatayan na 'yun. Tama ba? Mga sakit, at mga dalamhati, at mga kirot, at mga kabiguan, at mga sama ng loob, at. . . Oh! Magagalak ako kapag ang lumang bahay-peste ng mga karamdaman ay maisara na, hindi ba't ikagagalak n'yo rin? Siyanga, po! Makakauwi na tayo sa ating Tahanan. Siyanga.

39 Sadya ngang, tayo, ay dumadaing na mabihisan na, humihibik ang Espiritu. Oh, kapag titingin kayo at makikita ang lahat ng mga pagdurusa sa paligid, ang lahat ng halo-halong, baho, at kasalanan, at mortal na pamumuhay, at panlilinlang, at lahat, naiisip ko, "Oh, Diyos, gaano pa ba katagal?"

40 Isa sa mga araw na ito ay ipapangaral ko na ang huli kong pangangaral, ilalapag ang Biblia nang paganito, at uuwi na sa aking Tahanan. Oh, napakadakilang oras nun. At kapag natapos na rito ang makalupang tabernakulong ito, wala pang isang segundo't naroon na ako sa isang 'yun sa ibayo; ganoon din kayo. Oh, grabe! Kaya naman pala nakapagwika sila:

Huhubarin ko itong balabal na laman, at ako'y babangon,
At kukunin ang gantimpalang walang hanggan,
At sisigaw habang sa alapaap ay dumaraan.

Tunay, paakyat na mismo sa itaas.

41 Ngayon, saan 'yun? Kailan natin ito makakamtan? Ngayon! "Ang Kanyang mga inaring-ganap, ay niluwalhati din naman Niya." At alam n'yo ba na ang ating niluwalhati't, imortal na mga katawan ay naghihintay na ngayon mismo sa Presensya ni Jesus Cristo, naghihintay sa ating pagdating?

42 Alam n'yo ba na kapag ipinanganak ang isang sanggol sa lupang ito, bago ito mailuwal mayroon na itong buhay. Pero hindi pa ito nailuluwal. At sa sandaling dumating ang sanggol sa kanyang . . . magsisimula itong . . . haya't maisilang . . . Sarado ang mga baga nito, at patay ito. Kumikibot at kumikislot ang mga kalamnan nito. Pero ang unang bagay, isang marahang palo o dalawa [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya—Pat.] nang *paganyan*, at siya'y "*sisingap!*" hahabulin ang kanyang hininga. Anong nangyayari? Sa sandaling nabubuo ang natural na katawan na 'yun sa loob ng nanay, may katawang espirituwal na naghihintay para tanggapin ito sa sandaling maisilang ang sanggol na 'yun.

43 At kung gaanong katiyak na nabubuo ang espirituwal na katawang ito, may isang natural na katawan na naghihintay upang tanggapin ito sa sandaling lumabas ito sa mundong ito. Kita n'yo? Ganoon din baliktaran, manunumbalik muli sa Eden (kita n'yo?), sadya mismong babalik.

44 Ngayon doon, ang Diyos . . . Aba't sa kamatayan, inalis nun mismo—mismo ang lahat ng tibo na mayroon ang kamatayan. At kaya naman kinaya ni Pablong tumayo at magsabi, "Kamatayan, nasaan ang iyong tibo? Libingan, nasaan ang iyong tagumpay?" Sabi niya, "Salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Siyanga, po. Masira man ang tabernakulong ito na ukol sa laman ay mayroon na tayong isa na naghihintay, kaya naman huwag n'yo nang alalahanin ito.

45 Ngayon sa iyo, kaibigan, kung ikaw na nagtanong nito'y isang makasalanan, mahabag ang Diyos sa iyo. Siyanga, po! Hindi ka lang sumasailalim sa paghatol dito ngayon, hindi rito, hindi! Uunlad ka pa nga't magpapatuloy. At 'yang lahat na

'yan ay dahil sa biyayang-habag ng Diyos. Lahat ng 'yan ay sa pamamagitan ng mga kahahabagan ng Diyos na sumagana ka't nagagawa mo kung ano ang ginagawa mo. Siyanga. Pero isa sa mga araw na ito, kung ikaw ay isang makasalanan at lumisan na ang iyong kaluluwa, pupunta ito roon sa paghatol at mahahatulan. At pagkatapos, ikaw ay iwawaksi, at pahihirapan ka hanggang sa araw na ibalik kang muli rito sa lupa. At tatanggap ka ng isang katawang imortal, isang katawang imortal na hindi maaaring mamatay, at itatapon ka sa kadiliman sa labas kung saan may pag-iyak, at pagtangis, at pagngangalit ng mga ngipin. Itatapon ka sa impyerno, kung saan hindi namamatay ang uod o hindi napapawi ang apoy, at pahihirapan ka sa lahat ng mga panahong darating. Sinabi 'yun ni Jesus. Isang maitim na larawan 'yun, pero 'yun ang sinabi ng Biblia.

46 Kung labis na hinatulan ng Diyos ang kasalanan at malaking halaga ang kabayaran, ano kaya ang mangyayari kung ang mga hindi matuwid na espiritung 'yun ay mapakakawalang muli? Magkakaroon na naman tayo ng ganoon uling bagay gaya nung nagkaroon tayo sa huling anim na libong taon. Tama ba? Baka wala nang pagkakataon muli.

47 Ngayon sinasabi n'yo, "Buweno, naniniwala akong kapag pumunta ka sa libingan haya't mapupunta ka—mapupunta ka sa impyerno." Mapupunta ang katawan mo sa impyerno, siyanga. Ang ibig sabihin ng *impyerno* ay "pagkahiwalay." Ang ibig sabihin ng *kamatayan* ay "pagkahiwalay." Mamamatay ang katawan mo, mahihiwalay. Iiwan mo ang mga mahal mo sa buhay rito, pero hindi 'yun ang pinag-uusapan natin. "Itinakda sa tao ang mamatay na minsan at pagkatapos nun, ang paghatol." Kita n'yo?

48 Ngayon, kapag kayo . . . kung kinakailangan n'yong tumayo sa paghatol ng Diyos, hahatulan kayo ng isang galit na Diyos. At ang gagawin ng Diyos . . . siyanga't ipinahayag na kung ano ang gagawin Niya. Kaya alam mo na kung ano ang kahatulan mo bago ka pa man makarating doon. Kaya ang dapat gawin ay maligtas at magkaroon ng niluwalhating katauhan na ito . . .

49 Tingnan n'yo. Kung magagawa ko . . . kung ang espiritu ko . . . Tingnan n'yo, hindi tayo isang bagay na patay; buhay tayo. Kung—kung ang aking . . . kung ang mesang ito rito . . . kung may buhay ang tablang ito na nasa daliri ko, ang mesa pong 'yan, at mayroon itong katalinuhan para gumalaw, kaya nitong gumalaw gaya ng daliri ko. Siyanga't hindi tayo gawa sa ganoong klase ng materyales. Gawa tayo sa—sa—sa—sa mga selyula, at sa buhay, at sa hiblang-laman; at may espiritu rito na kumukontrol sa lahat ng ito. At tingnan n'yo na lang kung gaanong kabilis ang paglalakbay nito. Tingnan n'yo rito; hinahawakan 'yun ng kamay ko. Ngayon, sa isang iglap . . . Kinakailangan na mayroong negatibo at positibong reaksyon. Sa sandaling mahawakan 'yun ng daliri ko, mararamdaman

nito ’yun. Ganoong kabilis itong rumerehistro sa isip ko, at sinasabi ng isip ko, “Malamig ’yan,” at babalik. Nakita n’yo kung gaanong kabilis ’yun? Mas mabilis kaysa sa pag-iisip, mas mabilis kaysa anumang bagay, ang pagkilos dun. Ano ito? May bagay mismo na buhay roon, at gumagana ang nerbiyong-ugat na ’yun sa isip. Nakikita n’yo po ba ang ibig kong sabihin? Hinipo ’yun ng nerbiyong-ugat, pinakikiramdaman ito, at sinasabi sa isip, “Malamig ito.” Sinasabi ng isip na malamig ito, dahil naramdaman ito nung nerbiyong-ugat. Oh, grabe! Nakakamangha nga ang pagkakagawa.

50 At pagkatapos, ang lahat ng ’yun. . . Ganoong kabilis na nalalaman ng Diyos ang bawat pag-iisip na iniisip natin. Lahat ng ginagawa natin, alam Niya ang tungkol dito.

Kaya kapag namatay ang mananampalataya, pumupunta siya sa Presensya ng kanyang Manlilikha, sa kanyang Diyos. At ang makasalanan naman, kapag namatay siya, ay pumupunta sa kanyang destinasyon. Pagkatapos sa pagbabalik. . . Ngayon, ang tinutukoy ko rito ngayon ay ’yung mga Hinirang.

51 Pero may ilan na babangon sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli, na kinakailangang tumayo sa Paghatol kasama ng makasalanan, upang mahatulang kasama niya. Gusto kong makatiyak na nakukuha n’yo ’yun. Kita n’yo?

52 Ngayon, magkakaroon ng. . . Ang unang magaganap ay ang—ang pagdating ng Nobya. May mga tao sa mundo. . . ako. . . Marahil iba nang kaunti ang kaisipan n’yo ukol dito, pero makinig kayong mabuti. Dahil lang sa tinanggap n’yo si Cristo bilang personal n’yong Tagapagligtas, hindi ibig sabihin nun na makakasama na kayo sa Pag-agaw. Yun ay para mismo sa mga Hinirang, na makakasama sa Pag-agaw. May malalabi na maiiwan dito sa lupa na daraan sa pag-uusig at sa malaking Kapighatian. Ang Iglesya ay aagawin paitaas sa Pag-agaw.

53 Ilang kababaihan dito ang hindi ba’t nakakaalam na kapag tatabas ka ng isang piraso ng tela ay inilalapag mo ang tela nang paganito, at inilalapag ang padron mo rito nang paganito, at tinatabas mo ang tela ayon lamang sa padron. Tama ba? At ang natira dun sa tela ay pareho lang na klase ng tela na nasa padron. Tama ba? Pero ito ’yung uri na kinukuha mo. Maaaring itabi mo ’yan para gamitin sa iba, pero ang—ang tela na pinagtabasan mo. . .

54 Ngayon, sino ang naglalagay ng padron? Ang Diyos, sa pamamagitan ng paghirang. Amen! Inilalagay ng Diyos ang padron sa pamamagitan ng paghirang. Sabi Niya, “Ngayon, pumili Ako bago pa man maitatag ang mundo. . . inilalagay Ko ang mga ito. . . ” Siyanga’t, sinabi ni Jesus sa mga alagad na kasama na Niya sila, at Kanyang pinili sila, at nakilala na sila bago pa man nailagay ang patibayan ng mundo. Tama ba? Kaya ang Diyos ang naglalagay ng padron. Ngayon, magkakaroon ng

isang Hinirang na sasama sa Pag-agaw. At may isang grupo ng mga tao na mabubuti, matuwid, banal ang pamumuhay, mga taong niligtas ng Diyos, na hindi makakasama sa Pag-agaw; at babangon sila sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli, dahil . . .

55 Oh, ako—ako'y umaasa na huwag sana kayong magagalit sa akin kung may bagay lang ako na nililinaw sa inyo rito. Kita n'yo? Huwag n'yong ikagalit. Kailangan kong—kailangan kong sabihin ito, dahil ako . . . para bang masasakal ako (kita n'yo?) kapag di ko sasabihin ito. Tingnan n'yo. Tingnan n'yo mismo. Sige po, sasabihin ko ito: May mga tao na naniniwala sa pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya (kita n'yo?), at namumuhay sila nang mabuti, malinis, na banal na buhay; naniniwala rin sila sa pagpapaging banal, tinanggap . . .

56 Tingnan n'yo si Judas Iscariote. Si Judas Iscariote ay inaring-ganap noong nanampalataya siya sa Panginoong Jesus Cristo at tinanggap Siya bilang personal niyang Tagapagligtas, si Judas Iscariote. Pinaging banal si Judas Iscariote sa Juan 17:17 at binigyan ng kapangyarihan sa Mateo 10 para humayo at magpalayas ng mga demonyo. At bumalik si Judas Iscariote, pagkatapos niyang magpagaling ng mga maysakit at magpalayas ng mga demonyo, at bumalik siya na nagagalak at sumisigaw na katulad din ng sinumang mabuting holy-roller na nakita n'yo na. Tama ba? Ganoon ang sinabi ng Biblia. At noong makarating na siya sa Pentecostes, ipinakita niya ang tunay niyang kulay. Ngayon matyagan n'yo ang—ang espiritung 'yun.

57 May mga tao sa mundo ngayon, mabubuting Cristiano na mga naniniwala sa pag-aaring ganap, marami sila, libo-libo, milyun-milyon na naniniwala sa pag-aaring ganap. Pero wala silang magiging kaugnayan sa pagpapaging banal. Sasabihin nating 'yun ang mga Presbyterian, Episcopalian, at iba pa. Naniniwala sila sa pag-aaring ganap; ipinapangaral ito. At mainam 'yan; tama sila.

58 Pero ngayon, ang—ang mga Nazarene, Pilgrim Holiness, Free Methodist ay nagpatuloy sa pagpapaging banal. Naniniwala sila sa pagpapaging banal. Tama! Tama sila. At nagtatamo sila ng tagumpay, at sumisigaw, at pinupuri ang Panginoon. Nasa wasto sila; tama sila. Pero makipag-usap kayo sa aliman sa kanila tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, at sa kapangyarihan, at mga tanda, at mga kababalaghan, ipapakita nila ang tunay nilang kulay kaagad-agad. Sasabihin, "Ayaw ko ng anuman ukol diyan. Hindi ako naniniwala . . . " Buweno, maging sa mga minamahal kong mga Nazarene, sila'y naniniwalang ang taong nagsasalita ng mga wika ay sa diyablo. At, kapatid, kung gagawin mo 'yan, ikaw . . .

59 Aba, pinaalis nila si Dr. Reidhead sa Sudan Missions, ang presidente nito, dahil nagsalita siya ng mga wika. Sabi, "Hindi namin ito mapapaniwalaan."

60 Sabi ko, "Hindi kayo maaaring mangaral na gaya ni Pablo kung ganoon. Hindi n'yo kayang tanggapin ang Ebanghelyo ni Pablo, dahil ang sabi ni Pablo, 'Huwag ninyong ipagbawal ang pagsasalita ng mga wika.'" Siyanga. Pero sinasabi nila—sinasabi nila na ito raw ay sa diyablo. Marami na raw kasi silang nakitang mga huwad, at dala-dala 'yun hanggang doon. Kita n'yo? Anupa't may inaring-ganap at pinaging banal na iglesya; pero itinatangging ang bautismo ng Espiritu Santo ay ibang gawa sa pagpapaging banal. Anupa't ito ay—ito ay ibang gawa mismo. Tunay nga.

61 May tatlong sangkap na nagmula sa katawan ni Cristo. At ang parehong mga sangkap mula sa Kanyang katawan ang ginagamit upang makapasok sa Kanyang Katawan. May tubig (tama ba?), Dugo (tama ba?), at Espiritu. At si Jesus, sinabi ng Kasulatan, "May tatlong nagpapatotoo sa Langit, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo. Ang tatlong ito ay Isa; sila'y Isa. Subalit may tatlong nagpapatotoo sa lupa; hindi sila isa," sabi niya, "anupa't sila'y nagkakaisa: Tubig, Dugo, at Espiritu." Tama ba?

62 Ngayon, hindi maaaring nasa inyo ang Ama na wala ang Anak. Hindi maaaring nasa inyo ang Anak na wala ang Espiritu Santo, dahi-. . .pero maaari kayong inaring-ganap na hindi pinaging banal. At maaari kayong parehong inaring-ganap at pinaging banal at sa kabila nun ay wala pa ring bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ganoon nga. Yun ay Kasulatan. "Ang tatlong ito," sabi niya, "na nagpapatotoo sa lupa, tubig, Dugo, at Espiritu; at sila'y nagkakaisa." Kita n'yo? Hindi sila iisa, kundi nagkakaisa sila, dahil ito ang parehong Espiritu na may sukat. Ibinibigay ng Diyos sa atin ang Espiritu na may sukat.

63 Ngayon, si Luther sa ilalim ng pag-aaring ganap, 'yun ang ipinangaral niya. Tama ba? Ipinangaral ni Luther, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." At mayroon siyang dakilang mensahe. At isang bahagi 'yun ng Espiritu Santo. Pagkatapos si Luther, noong nailahad na ang mensahe, ibinabangon na ng Diyos ang Kanyang Iglesya at Ito'y ipapadala na tungo sa lalong dakila (oh, grabe!), sabi ni Luther, "Oh, naniniwala kaming nasa amin na Ito rito."

64 Pero ang sabi ni John Wesley, "Oh, hindi!" Siya at si George Whitefield at iba pa, ang sabi nila, "Naniniwala kami sa pagpapabanal, doon, bilang ang pangalawang tiyak na gawa ng biyaya." Tama ba? At ipinangaral nila ang Dugo. Buweno, yamang ayaw sumulong ng Luther, ibinigay na lamang ito ng Diyos sa mga Wesleyan Methodist. Kita n'yo? At napasakanila ito. At nagkaroon sila ng rebaybal na lumaganap sa mundo, at sa tunay na Iglesya.

65 Buweno, ngayon, noong dumating na ang oras na 'yun. . . Ngayon, dumating naman ang katibayan ng Espiritu Santo na

mga tanda, kababalaghan, at mga himala. Ngayon, ayaw itong sang-ayunan ng Wesley. Ngayon, kung narito sa lupa sina Wesley at Martin Luther sa mga panahong ito, sasang-ayon sila rito, pero mga nakadalawang ikot pa lang sila ng apat o limang ikot ng mga apostol ang nakasaksi nito, at silang lahat ay nakapaikot dun mismo.

66 Ngayon, tumanggap ang Pentecostal at naniwala sa pagsasalita ng mga wika. At ginawa nila itong "paunang katibayan," na kailangang magsalita ng mga wika ang lahat. Isa 'yung pagkakamali. Pero ngayon—ngayon bumaling sila... Ang mga 'yun ay mga kaloob ng Diyos na katangian. Gaya lang na hindi ko maiwasan, na asul ang aking mga mata, o... siyanga't ibinibigay ito mismo ng Diyos. Mga kaloob lamang 'yun sa Iglesya. Inilagay 'yun mismo ng Diyos. "Nagtakda ang Diyos sa Iglesya..." Kita n'yo?

67 Ngayon. Pero noong dumating sila kalakip 'yun...Ngayon, nagtamasa sila ng dakilang pagpapala, hinigitan ang Lutheran o ang—ang Methodist, alinman. At ngayon, sila'y naging organisasyon na hanggang sa mas naging malala pa sila kaysa sa Methodist o sa iba pa, ang mga Pentecostal. At pagkatapos, dumating sila sa isang punto kung saan ang ikalawa at ikatlong ikot...Halos apatnapung taon na mula noong una nilang tinanggap ang pagsasalita ng mga wika. Pero ang punongkahoy na ito ng Diyos ay may siyam na iba't ibang bunga. Ngayon, alinman sa mga bungang 'yun ay maaari n'yong makuha. Kita n'yo? Ipinadala ng Diyos ang mga ito, anupa't ang lahat nito ay umuusbong mismo sa puno.

Ngayon, pag-aaring ganap, tingnan n'yo ito.

68 Tingnan n'yo ang aralin kaninang umaga. Noong itinakda na ang Paghatol, at binuksan ang mga aklat...Ngayon, dumating si Jesus kasama ang sampung libong makasampung libo na mga banal, at pagkatapos ay itinakda ang Paghatol. Heto silang lahat sa palibot ng Paghatol sa Puting Luklukan (gaya ng natalakay na natin dito sa Kasulatan), at binuksan ang mga aklat; at isa pang Aklat ang binuksan yaong Aklat ng Buhay. At ang mga ito sa Pag-agaw ay hahatol sa kanila. Tama ba? Sila na nakauwi na't tinanggap na ang kanilang mga niluwalhating katawan, at nabuhay sa Milenyum sa panahon na 'yan, ay narito sa Paghatol sa Puting Luklukan, na hinahatulan ang mga 'yun. Kanyang sinabi na ihihiwalay Niya ang mga tupa sa mga kambing.

Ngayon, sasabihin n'yo rito, "Aba, ngayon tingnan n'yo." Sinasabi n'yo, "Dumating na ba 'yun...Saan kaya, Kapatid na Branham?" Sa Paghatol sa Puting Luklukan.

69 "Paano naman ang Pag-agaw?" Buweno, sa panahon ng Pag-agaw...itinuro 'yun ni Jesus bilang isang talinghaga. At itinuro Niya ito sa maraming iba't ibang paraan. Narito ang isang paraan. Sinaysay Niya na may sampung birhen na lumabas para

sumalubong sa Panginoon. At ila-. . .Lahat sila'y mga birhen, pero ang ilan ay may Langis sa kanilang ilawan at ang ilan naman ay nagpabayang maubusan ng Langis. Tama ba? At noong ang Nobya. . .Ngayon, ano 'yung Langis? Ang *Langis* ay ang Espiritu Santo; 'yan mismo ang sinabi ng Biblia. Ngayon, tingnan n'yo. Mga birhen sila. Ngayon, ano ang ibig sabihin ng *birhen*? "Banal, malinis, ibinukod, pinaging banal." Tama ba?

70 Kung may maliit akong baso rito'y ipakikita ko sa inyo kung anong. . .Narito, bilang halimbawa katulad nga ng bote rito, halimbawa wala itong laman, at pinulot ko ito, at ito'y talagang napakarumi. . .gusto ko itong gamitin. Buweno ngayon, ang unang bagay na gusto kong gawin ay Pag-aaring ganap. Pinulot ko ito dahil gusto ko itong gamitin. Madumi ito; natagpuan ko ito sa—sa kulungan ng baboy, o kung saan ito naroon. Ngayon, kung ako'y tao na nasa tamang pag-iisip, buweno, ayaw kong maglagay ng anumang bagay na malinis doon na gagamitin ko. Kailangan ko—kailangan ko munang ayusin ang bagay na 'yun. Ngayon, ang pinakamabuting bagay na gagawin ko'y kuskusin ito, linisin ito, at pakadalisayin ito. Tama ba? Ngayon, ano ang ibig sabihin ng *pagpapaging banal*? "Nilinis at isinantabi para magamit." Ang mga sisidlan ng lumang templo'y nililinis noon at isinantabi para magamit.

71 Ngayon, hayan ang Iglesya: pinulot sila ng Diyos sa panahon ng Lutheran, pag-aaring ganap; panahon ni Wesley, pinagpaging banal Niya sila; at sa panahong ito ay pinuno Niya sila. Kita n'yo? Inilagay Niya ang Buhay sa kanila. At kapag itong, Kanyang Buhay sa pamamagitan ng Espiritu Santo. . .Pinulot sila ng Espiritu Santo; pinaging banal sila ng Espiritu Santo; pinuspos sila ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ito'y ang siya ring Iglesya.

Ngunit ngayon tingnan n'yo. Ngayon sa panahong ito. . .

72 Ngayon, sa tingin ko si Luther, Wesley, at lahat sila, marami sa kanila ang makakasama sa Pag-agaw. At taglay nila ang bahagi ng Espiritu na ipinangaral sa kanila; sinampalatayanan nila ito.

73 Ngayon, sa Pag-agaw. . .May mga tao na pumasok sa mga denominasyong 'yun na hindi umusad. Isa 'yung. . .May isa lamang denominasyon, 'yun ang Iglesya ng Diyos; at Ito mismo'y sumusulong. Pero sinira ng mga organisasyong ito ang mga bagay na ito nang gaya nun. At marami sa mga tao ngayon ang tumitingin sa bautismo ng Espiritu Santo't nagsasabi na ito'y walang kabuluhan. Pero sa kabila nun inaring-ganap sila; sa kabila nun pinaging banal sila. Pero sinasabi nila, "Oh, kung ano-ano lang 'yan, 'yang ganyang bagay."

74 Alam kong inilabas ng diyablo ang lahat ng klase ng panakot diyan. Doon mo matatagpuan ang magagandang mansanas, sa paligid kung saan naroon ang panakot. Siyanga. Dumako nga

kayo sa likod nung panakot, kumain kayo nung mga mansanas. Kita n'yo?

75 Ngayon, ito. . .Pagkatapos pinuspos ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo. . .Pagkatapos pinadala Niya ang Kanyang Iglesya para luwalhatiin Ito. Sa ikalawang Pagparito, narito uli na bumabalik ang Iglesya, ang Nobya. Ngayon masdan. Tingnan n'yo kung dadaan ba sila sa Panahon ng Kapighatian. Sabi Niya, "Ang mga birheng ito, lumapit sila't nagsabi, 'Bigyan n'yo kami ng inyong Langis.'"

"Dumarating na ang Nobyo!" Umugong na ang tunog, "Narito, dumarating na ang Nobyo. Lumabas kayo upang salubungin Siya."

At ang mga birheng ito, na mga birhen, banal, dinalisay (isipin n'yo 'yun), banal, mga taong pinaging banal na walang bautismo ng Espiritu Santo, ang sabi nila, "Bigyan n'yo kami ng Langis!"

76 At ang sabi ng Iglesya, "May sapat lang kami para sa sarili namin. Pumunta kayo at magsipanalangin kung ganoon." Pero huli na noon. Pagkatapos, pumasok ang iglesya sa Kasalan, at itong iba pa'y itinapon sa kadiliman sa labas (tama ba?), kung saan may pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin; at dumaan sila sa pag-uusig, nagdusa, nangamatay.

77 Babalik si Jesus sa lupa. Magsisimula ang paghahari ng Milenyum, na isang libong taon na kasama Siya. Bumangon ang—ang matuwid at ang di-matuwid. At Kanilang hinatulan ang bawat tao. At ang mga kambing ay sa isang panig at ang mga tupa ay sa isa namang panig. At pagkatapos ay dumating ang Diyos at dinala ang Iglesya sa kalaparan ng lupa para sa pagtitipon sa kampamento, kung saan magtitipon-tipon tayong lahat na kasama ang ating mga mahal sa buhay. Kita n'yo? Hayan ang pagkakaiba.

78 Ngayon, ang mga taong ito rito. . .Tiyak na kapag namatay tayo, kung tayo ay nakay Cristo Jesus, makakasama tayo sa dakilang Katawan na 'yun doon, ni Cristo Jesus. Kung mga makasalanan tayo, mapapasama tayo roon sa malaking grupo ng mga di-mananampalataya; at sinabi ng Diyos na ang bahagi natin kung ganoon ay kasama ng mga mapagkunwari, at iba pa, doon sa impyerno. Amen! Maaaring hindi pa talaga malinaw na malinaw.

Pero, tingnan natin kung malalaman natin. . .Isa lamang munting sulat dito.

**16. Pakipaliwanag po ang ika-24 ng Exodo. . .sa ika-4 na kabanata at ika-24 na talata. Ano ang ibig sabihin ng Kasulatang ito—na nilayon ng Diyos na patayin si Moises o ang kanyang anak na lalaki? At bakit?**

79 Alam natin kung saan ’yun, Exodo 4:24. Isang magandang tanong ’yan. Ngayon, heto’t basahin natin ito rito mismo pansumandali. Exodo 4 at 24:

> *At nangyari sa daan sa dakong panuluyanan, na sinalubong ng PANGINOON siya, at pinagsikapang patayin siya.*

Ilan ang nakakaalala sa kuwento? Ngayon, binigyan ng Diyos si Abraham, maraming mga salinlahi bago si Moises, ng tanda ng pagtutuli. At ’yun ang tipan na ginawa ng Diyos, na ang bawat Judio’y dapat na matuli. Tama ba? Ang bawat lalaki ay dapat . . . Isa ’yung tanda.

80 At tayo ba’y natuli ngayon? Ng Espiritu Santo, hindi sa laman.

81 Ngayon. Ngayon, ibinigay ng Diyos ang utos na ito, “At bawat lalaki’y dapat na tuliin.” At ang Diyos, noong tinawag Niya si Moises na pumunta roon at iligtas ang mga anak ni Israel, Hindi pa ginanap ni Moises sa kanyang anak, ang mismong tanda na ’yun ng pagliligtas. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

82 Mistula nga ’yan na parang sinasabi ko, “Lahat kayo na iglesya ngayon, ang bawat isa sa inyo—sa inyo na pumasok at nabautismuhan dito ng tubig, at inilagay namin kayo na maging miyembro ng iglesya. Siyanga’t magkakasama tayong pupunta sa Kaluwalhatian.” Aba, kapatid, hindi ’yun Kasulatan. Malibang ipinanganak kayong muli, tinuli ng Espiritu Santo . . . Yun ang kailangan n’yo. Wala akong pakialam gaano ka pang kabuti, anong iglesya ang kinabibilangan mo, gaanong kabuti man ang mga magulang mo, malibang ikaw bilang isang indibiduwal ay maipanganak na muli sa pamamagitan ng Espiritu Santo, hindi ka makakasama sa Pag-agaw. Kita n’yo? Hindi ka makakasama. Iyon ang pinaka tanda ng pagliligtas, ang pagtutuli; at ang pagtutuli ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ngayon ang Diyos . . .

83 Ang tanong po nung—nung nagtanong: “Ang—ang ibig sabihin ba ng Kasulatan na ito’y nilayon ng Diyos na patayin si Moises o ang kanyang anak? At bakit?” Si Moises nga ang pakay ng Diyos. At si Zifora ang tanging nagligtas sa kanya roon. Dahil sumunggab si Zifora ng isang batong matalim, at pumunta’t, pinutol ang balat sa ari ng kanyang anak, at inihagis ito sa harap ni Moises at nagsabi, “Tunay na ikaw ay isang asawa sa dugo sa akin.” Tama ba?

84 At kinuha na sana ng Diyos ang buhay ni Moises, pero marahil ay nakatayo roon ang isang Anghel, nagsabi, “Zifora! Dalian mo’t sunggaban mo ito!” Kita n’yo?

85 At nagpunta si Zifora’t tinuli ang sanggol. Sabi, “Moises, masyado—masyado mong inaalala ang tungkol sa iba pang bagay at tungkol sa paglalakbay mo, na ang sarili mong anak ay hindi pa natuli.”

Iniisip ko lang madalas kung . . . Minsan may mga nakikilala akong mga tao na nagsasabi, "Oh, luwalhatiin ang Diyos. Gusto ng Panginoon na ipagawa sa akin ang *isang* bagay. Gusto Niyang pumunta ako sa Aprika, sa India."

86 Sabi ko, "Natanong mo na ba sa naghahatid sa inyong bahay ng gatas kung ligtas na siya? Natanong mo na ba 'yung naghahatid sa inyong bahay ng diyaryo kung naipanganak na ba siyang muli? Paano naman ang kapitbahay mo, ligtas na ba sila?" Kita n'yo? Ngayon, 'yun ang tanong. Kita n'yo? Kung nasa puso n'yo ito . . .

87 Dito kamakailan lang ay nakipagkita sa akin ang isang babae sa Florida. At 'yung munting babae, wala akong paraan . . . Hindi ako husgado. Pero may isang munting mangangaral na naparito mismo at nangaral sa entabladong ito. At ang munting lalaki sa ibang bansa'y kasal at may asawang babae, tatlo o apat na anak. At ang babaing ito'y isang balo. At nanggaling sila sa Texas, magkasabay rito sa isang malaking kotseng Cadillac. At pumasok 'yung babae. At may karapatan naman siyang manamit sa anumang paraan na gustuhin niya, walang anuman sa akin; pero bilang isang babaing Cristiano hindi siya dapat manamit na tulad nun. Siya nga'y (Oh, grabe!), siya'y . . . may naglalakiha't mahahabang . . . mga palawit sa tainga (kung anuman ang tawag n'yo roon) na nakahikaw nang paganito, at mayroon siyang makapal na—na bagay sa bibig niya; at—at—at inahit ang mga kilay niya't may ibang kilay, na nilapisan, 'yun ang inilagay. At sabi niya, "Kapatid na Branham," sabi, "tinatawag ako ng Panginoon sa ibang bansa."

Sabi ko, "Tinatawag ka Niya?"

"Oo!" At ang sabi nung babae, "Pupunta ako kasama ang lalaking ito."

At sabi ko, "Buweno, kung tinatawag ka ng Panginoon, buweno, sige." (Pero sa kanilang bunga . . . Kung sa akin nga'y parang di ganoon ang dating . . . Kita n'yo?)

Tapos ang sabi niya, "Hindi mo ba pinaniniwalaang ang Panginoon . . . ?"

88 Sabi ko, "Ngayon, huwag mo na akong tanungin. Kung sinabi ng Panginoon sa iyo, gawin mo kung ano ang sinabi ng Panginoon na gawin mo. Pero para sa akin, sa tingin ko'y hindi, sa ganang akin. Tinatapat lang kita."

Sabi niya, "Buweno, bakit ganoon ang tingin mo?"

Sabi ko, "Unang-una, yamang isa kang babaing may asawa na't kasama mo ang lalaking ito na may asawa rin siyanga't hindi magandang tingnan, na magkasama kayong tumutuloy rito sa bayan. Kung may bagay man na magbubunsod ng kadustaan ay ito nga 'yun. Kita mo?" At sabi ko, "Ngayon, unang-una . . . "

89 Ngayon, ano nga mismo ang nangyari sa babaing 'yun? Ang siya ring bagay na . . . Patuloy kasi siya na ginagawa ang kung anu-ano na lang na hindi tinatanggap ang Espiritu Santo, kagaya nung babaing 'yun doon ngayong araw na tumawag sa akin at gustong magpakasal sa lalaking 'yun, at iwan ang sarili niyang asawa, at magpapakasal sa naturang lalaki. Nakarating na siya sa isang dako, na marahil minsan ay nagkaroon siya ng kaugnayan sa Diyos, pero ninanasa pa rin ang mga bagay ng sanlibutan. At tinanong ko siya; sabi ko, "Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo?"

Sabi niya, "Hindi pa, pero hinahangad ko Ito."

90 Sabi ko, "Kamtin mo muna ang Espiritu Santo, at sasabihin Niya sa iyo kung ano ang dapat mong maging asawa." Siyanga. Kita n'yo?

Kinakailangan n'yong—n'yong . . . Ganoon nga ito. Kung hindi, mamamatay kayo sa espirituwal. Maraming hinahanap ang Diyos ngayong gabi, na kumatok na Siya sa kanilang puso nang maraming beses na. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] At darating ang isa sa mga panahong ito na isasara na Niya ang pinto, at—at wala nang kahabagan. Kita n'yo?

91 Tunay, kinuha na sana ng Diyos ang buhay niya. Sinabi Niya na Kanyang hinanap siya. Pakinggan n'yo kung paano ang pagkakabasa ng Kasulatan:

> *At nangyari sa daan sa dakong panuluyanan, na sinalubong ng PANGINOON siya, at pinagsikapang patayin siya.* (Si Moises. Ngayon, masdan.)
>
> *Nang magkagayo'y sumunggab si Zifora ng isang matalim* na bato—*batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang paanan, at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawa sa pamamagitan ng dugo.*

92 Ganoon nga. Ngayon, hindi hinahanap ng Diyos 'yung anak. Ang Diyos . . . Walang kamuwang-muwang ang kaawa-awang munting sanggol na 'yun kung ano ang gagawin; inosente ito. Pero ang nangyari nga, ay yaong tatay ng sanggol, na dala-dala ang sanggol doon para iligtas ang mga anak ni Israel sa ilalim ng tanda ng pagtutuli; at sa kabila nun ay ang sarili niyang anak ay ni hindi pa tuli. Kita n'yo? At pinutol ito ni Zifora gamit ang isang bato, ang balat ng ari, at inihagis ito, at sinabi, "Tunay na ikaw ay asawa ko sa pamamagitan ng dugo."

**17. Pakipaliwanag po ang kahulugan ng Kasulatan, at kung kailan ito matutupad: Isaias 4 at 1. Salamat po.**

Sige. Bumuklat mismo tayo ngayon . . . Kayo po na may mga Biblia at nagnanais, titingnan natin kung ano . . . Hindi ako nagkaroon ng pagkakataon na masilip ito, pero naisip ko na marahil makahanap tayo ng kung anong kasagutan. Heto na po.

*At sa*. . .(Ah, oo!) At mangyayari. . .*At pitong babae ay magsisihawak sa isang lalake sa araw na yaon,* at magsasabi, *Kami ay magsisikain ng aming sariling tinapay, at* mangagsusuot *ng aming sariling kasuutan: tawagin lamang kami sa iyong pangalan, upang alisin mo ang aming kadustaan.*

93 Buweno, kapatid, halos ganoon nang kalala ito ngayon. Napakatinding pagtalikod ang nangyari sa ating bansa! Hayaan n'yong sabihin ko ito, minamahal kong mga kaibigang Cristiano. Hayaan n'yong sabihin ko ito nang may banal na paggalang sa lahat: Kung mayroon kailanman. . .At sa inyo na nag-aral ng kasaysayan, haya't nasa mismong parehong landas na tayo na kinabagsakan ng bawat bantog na bansa sa lahat ng mga nagdaang kapanahunan, bagsak ang moralidad, nasasadlak.

94 Gaya nung sinabi ko kaninang umaga. . .Paumanhin po kung uulitin ko ito. Sa ibang mga bansa ay nilalapitan ako't tinatanong, "Kapatid na Branham, anong klaseng kababaihan ang mayroon kayo roon? Kasi, lahat ng mga awitin na inaawit n'yo, ay kung anong malalaswang awitin tungkol sa mga kababaihan n'yo." Ganoon nga. Lahat na ng uri. . .siyanga't kung anong kalipunan ng—ng—ng. . .

95 Buweno, alam n'yo ba kung ano ito? Kung gusto n'yong sabihin ko sa inyo sa ilang pananalita, sasabihin ko sa inyo mismo. Ang mundo'y humantong na sa ganitong uri ng kondisyon, dahil ito'y modernong Sodoma't Gomorra. Hayan nga mismo! Sa California may dinampot akong isang diyaryo. At nakalimutan ko lang kung ilang libo bawat taon ang nababalitaan nila, na napapaulat, tungkol sa pagdami ng bilang ng mga homoseksuwal. Maging ang likas na pagnanasa ng. . . sa pagitan ng mag-asawang lalaki at babae, at kung ano pa, ay nawawala na sa mga tao. Eksakto mismo sa kung anong sinabi ng Diyos na mangyayari. At ang sarili nilang. . .

96 Kumuha kayo ng ilang. . .Tingnan n'yo kung sino ang mas sumisikat. Makinig kayo sa inyong mga radyo, o telebisyon, o kung anuman na mayroon kayo, at alamin n'yo. Ito na ang pinakamasama't pinakamarumi. . .May sari-saring awitin tungkol sa kung sinong babae o ganoong bagay, 'yung ganoong bagay ang sumisikat.

97 At humantong na sa kalagayan kung saan para bang tayo'y hindi na nababahala para sa ating kababaihan, o, ang ating mga kababaihan ay hindi na nababahala para sa kanilang sarili. Ganoon nga. Kung pananatilihin lang ng babae ang kanyang sarili na disente, magiging disente ang lalaki. At hindi 'yun pagkampi sa kalalakihan, pero nalalaman kong katotohanan 'yun. Siyanga, po! Ngunit ano ito? Ito nga'y isang—isang kahindik-hindik na kondisyon, at ito'y talagang umiiral na. At ito'y batay sa Kasulatan. At sinabi ng Biblia na magiging

ganoon nga. Kaya paano tayo magkakaroon ng rebaybal? Paano tayo magkakaroon ng rebaybal?

98 Makinig kayo, mga kaibigang Cristiano. Sa kaunting minuto na ito na natitira pa ay hayaan n'yong tanungin ko kayo. Nagkaroon na tayo ng mga Billy Graham. Nagkaroon na tayo ng mga Jack Shulers. Nagkaroon na tayo nitong lahat ng iba't ibang uri ng mga relihiyosong pagkilos na nagaganap sa buong mundo. At nagaganap ang mga ito sa loob nitong huling anim o pitong taon sa buong Estados Unidos na kasing bilis ng makakaya nilang humakbang, at walang rebaybal. Bakit? Nagsasara na ang mga pintuan. Nalambat na natin ang bawat isda, gaya ng nabanggit ko kaninang umaga, mula sa lawa. Marahil isa o dalawa na lang ang naroon pa sa kung saan.

99 May dako na nagdaos si Billy Graham ng isang pagtitipon (sa palagay ko sa Boston o kung saan), at inaangkin nilang mayroon daw silang dalawampung libo humigit-kumulang na mga naakay sa loob ng anim na linggo na 'yun. Bumalik sila pagkalipas ng ilang linggo at wala nang masumpungan na dalawampu man lang. Isipin n'yo 'yun! Kapatid, malapit nang matapos. May masasabi akong bagay rito. Kita n'yo?

100 Nabubuhay na tayo sa mga araw na sinabi ng Diyos na darating. At nabubuhay na tayo sa mga huling araw. At nabubuhay na tayo sa isang panahon kung kailan ang mga tao. . .Anuman ang sinusubukan nating isipin tungkol dito, sinasabi ng Salita ng Diyos na tayo'y mga itinalaga na noong una. Siyanga. At ang tinawag mismo ng Diyos ay lalapit sa Diyos; at ang mga hindi tinawag ng Diyos ay hindi lalapit sa Diyos. Tumatawag ang Diyos at tumatanggi sila, at tumatawag Siya, tumatanggi sila. Ngayon hindi ko sinasabing hinahatulan ng Diyos ang sinuman. Sadyang ayaw Niya na ang lahat ay. . .na may sinuman na mapahamak, bagkus ninanais na ang lahat ay magsisi. Pero sa pagiging Diyos, Kanyang—Kanyang nalalaman na sa pasimula na hindi sila lalapit. Ganoon pa man ay binigyan Niya sila ng pagkakataon, pero ayaw nilang lumapit.

101 Paano. . .Kung di niya alam 'yun, paano Niya nalaman na magkakaroon tayo ng mga karwaheng walang kabayo? Paano Niya nalaman na darating ang mga panahong ito na gaya ng mayroon na tayo ngayon? Bakit Niya sinabi, "Ang mga tao ay magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan"? Bakit inihula ng lahat ng mga propeta na ang lahat ng iba pang mga bagay na ito na darating ay mula pa roon sa pasimula? Alam ng Diyos ang lahat ng mga bagay. Alam na Niya kung ano ang mangyayari. At may tao roon na tinunghayan na ng Diyos sa pagdaan ng panahon at sinabi, "Hindi sila lalapit." At sadyang sila'y hinatulan na ng kahatulang 'yun, dahil sa pinili nila ito mismo. Amen! Hayan nga.

102 At naniniwala ako, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae (sinasabi ko ito na may banal na paggalang at may takot sa Diyos sa puso ko), naniniwala akong lubog na ang Amerika! Wala na siyang moralidad. Naging napakababa na niya. Nakakaawa.

103 Isipin n'yo na lang dito, gaya ng sinasabi ko sa—sa pagsagot ng Kasulatang ito, pitong babae ang manghahawakan sa isang lalaki. Noong Unang Digmaang Pandaigdig. . . Ikalawang Digmaang Pandaigdig. . . Mayroon akong kinuha na—na lathalain mula sa diyaryo sa bahay. Basahin n'yo ito mismo. Sabi, "Ano nang nangyari sa moralidad ng ating kababaihan sa Amerika? Dalawa sa bawat tatlong sundalo na nagpunta sa ibang bansa sa unang anim na buwan ay diniborsyo ng kanilang mga asawang babae." Dalawa sa tatlo ang diborsyado. Basta na lang umalis ang mga babaing ito at lumayo. Bakit ganoon? Kung uunawain n'yo, mga kaibigan, ito kasi ang espiritu ng panahon.

104 Mangyayari nga na papasok tayo sa espiritu ng mga huling araw kapag narito na ang mga huling araw. Kapag pupunta ka sa isang bulwagan ng sayawan, sigurado kang mapapasa-espiritu ng pagsasayaw, o hindi sila sasayaw. Kapag pupunta ka sa simbahan, sigurado kang mapapasa-Espiritu ng pananambahan bago ka makapagsamba. Siguradong mapapasa-espiritu ng mga huling araw ang mundo bago dumating ang mga huling araw, at tayo'y nasa espiritu na ng mga huling araw. At ipinangako ng Diyos na darating ang mga bagay na ito, at ganoon nga mismo ang mayroon tayo. Nasa mga huling araw na tayo. At nangatutulog ang kalalakihan at kababaihan at hindi nila ito namamalayan.

105 At ang moralidad. . . nakilala ko ang isang kabataan pang lalaki rito noong isang araw sa . . . oh, kailan lang, nitong huling taglagas. At papasok na kami noon sa isang lungsod. At sinasabi niya sa akin, isang bata pang nasa hayskul na ikinasal na. Sabi niya, "Pinakasalan ko ang babaing ito, dahil isa siyang mabuting babae, at kinailangan kong pakasalan siya bago niya makumpleto ang hayskul." Sabi, "Wala pa kasi kaming isa na birhen pa, sa pagkakaalam ko, sa hayskul sa loob ng maraming taon dito." Kita n'yo? Talagang bagsak na ang moralidad.

106 At doon sa California, nagpunta ako sa mga kalye sa mga lugar doon kung saan sasabihin sa iyo ng mga pulis na iwasan mo ang kalye. Mas mapanganib daw kasi para sa isang lalaki na dumaan sa kalye kaysa sa isang babae. Sa madidilim na mga eskinita. Oh, Diyos, mahabag Ka! Hindi n'yo ba nalalaman na sinabi na ng Biblia na darating ang mga bagay na 'yun?

107 At bago mismo Niya ibinigay ang anino nito roon sa Sodoma at Gomorra, at nagpunta roon, gayon din ang naganap—ang nangyari, pala. At nagpadala ang Diyos ng apoy at sinunog ang naturang lugar. Isang pinaka tanda para ipakita

na ang buong mundo, kapag dumating na ito sa ganoong kalagayan, ay tatanggap na ng ganoong [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] bagay.

108 Nasa mga huling araw na tayo. Tunay nga. Pitong babae ang magsisihawak sa isang lalaki, sinasabi, "Magsisikain kami ng sarili naming tinapay at mangagsusuot ng sarili naming pananamit, hayaan mo lamang na tawagin kami sa iyong pangalan upang alisin mo ang aming kadustaan." Kapatid, hindi mo na kailangang lumayo pa sa Estados Unidos. May isang lugar lang na nakita ko sa buhay ko na inisip kong mas masahol kaysa sa mga lansangan at mga bagay-bagay na napuntahan ko na sa sarili nating bansa. At hindi na tayo bumubuti. Palala na tayo nang palala sa pag-usad ng panahon. At tandaan n'yo, nagsasalita ako sa Pangalan ng Panginoon. Patuloy tayong lalala. May iisang pag-asa na lang, at 'yun ay kay Cristo Jesus. Kahit ano pa ang gawin n'yo.

109 Sumigaw ako, nagpunta sa iba't ibang lugar ng bansa rito. At binuhay ng Diyos maging ang mga patay. At nagpunta kami sa mga bayan; at ang mga tao na mga nasa silyang de gulong sa loob ng maraming taon ay nagsitayo, at naglakad sa mga bayan kasunod ng mga truck, tulak-tulak ang kanilang mga karitela at mga bagay na ganoon. At ang mga kababaihan, na idineklara nang patay ng mga doktor, dala-dala ang kanilang mga x-ray na may pangalan ng doktor sa itaas nito, sila'y binuhay mula sa mga patay. At ang buong siyudad mismo'y naroon at nagsasabi, "Huh, 'yan ay mental na telepatiya lamang; sangkumpol na mga holy-roller." Oh, talagang wala na kayong iba pang aasahan kundi kapahamakan! Oh! Siyanga!

110 Narito na ang kahatulan, at sigurado n'yo itong matatanggap. Kapatid, tumakas ka sa galit na darating at dumulog ka kay Cristo Jesus nang simbilis na magagawa mo! Umalis ka sa mga bagay na ito! Oo, ito ang espiritu ng mga huling araw. Maraming bagay pa ang mapapangusap. Siyanga't dadalian ko na.

**18. Maaari mo bang sabihin sa amin kung paano ang inaasahan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesus Cristo na pagpasok namin sa bahay ng ating Panginoon para sumamba?**

111 Sige, maganda ang isang 'yan. Napakahalaga n'yan sa alinmang iglesya. Inaasahan ng Diyos na magpunta kayo sa bahay sambahan. . .Ngayon, tanong lang 'yan, isa lamang tahasang tanong. Hindi ito batay sa Kasulatan; ito. . .pero ito nga. Sandali't, sasabihin ko sa inyo kung ano ang sinabi Niya. Ang una, kung gusto n'yo ng Kasulatan, haya't dapat na magpunta ang mga tao sa bahay ng Diyos para sa isang layunin, 'yun ay para sumamba, para umawit ng mga awitin, at para sambahin ang Diyos. Ganoon ang inaasahan ng Diyos sa atin.

Hindi Siya umaasa na pumasok tayo sa bahay ng Diyos para pag-usapan ang tungkol sa ating. . . o iba pang bagay, o pag-usapan ang isa't isa, o pag-usapan kung ano ang mga dapat nating gawin sa buong sanlinggo; umaasa Siya na pumupunta tayo para sumamba sa Kanya. Ito'y bahay-panambahan. "At ang lahat ng bagay ay dapat gawin nang nararapat at may kaayusan," sabi ni Pablo sa Biblia. Ang lahat ng bagay ay dapat na wasto. Dapat may mensahe.

112 Ang unang sasabihin ko, ayon sa mga tuntunin ng Iglesya sa Lumang Tipan, o, sa Bagong Tipan pala, ang unang bagay, pumapasok ang mga tao sa iglesya ng—ng Diyos sa Espiritu ng pananambahan. At pumapasok sila, na inaawit ang mga himno. At marahil mangungusap ang mangangaral, dahil isa siyang propeta ng iglesya. (Ang isang Bagong Tipan na propeta ay isang mangangaral; alam natin 'yan: "Ang patotoo ni Jesus Cristo ay ang Espiritu ng propesiya," sabi ng Apocalipsis.)

113 Ngayon, magsisimula nang mangaral ang mangangaral. Habang nangangaral siya, ang mga pagpapala, mismo, marahil sa dulo ng kanyang pangangaral, ay magsisimula nang bumaba; sasabihin ng mga tao, "Amen," dadako na sa pagpapala ng Diyos. Pagkatapos sa sandaling huminto siya sa pangangaral, maaaring may isang mensaheng ipapahayag, marahil sa pagsasalita ng mga di-kilalang wika (Unang Mga Taga-Corinto 14:13, 14). Pagkatapos—pagkatapos kung wala namang tagapagpaliwanag sa iglesya, dapat na tumahimik na lamang ang taong ito, dahil nagsasalita sila ng mga wika nang tama pero ginagawa nila ito sa harapan ng Diyos. Kita n'yo? Siyanga't kapag magsasalita sila ng mga wika at may tagapagpaliwanag, dapat na ibigay ng tagapagpaliwanag ang mensahe. Lahat ng iglesya'y patugaygay nga riyan.

114 Si Charles Fuller, gaano man siyang nakipagtalo at nakikipagdiskusyunan sa akin tungkol doon noong naroon ako, tinatanggap na niya ito ngayon. At ginagawa na nila ito sa Long Beach. Siyanga, po! Doon mismo sa tabing-dagat, doon mismo sa awditoryum, nagtatamasa sila ng mga pagpapala ng Diyos, pagsasalita ng iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, at pananalangin para sa mga maysakit. At tumayo siya noon nang harapan sa akin at sinabi, "Kapatid na Branham, hindi ako naniniwala sa ganyang bagay."

Sabi ko, "Buweno, nasa sa'yo 'yan. Hindi ito para sa mga di-mananampalataya, Kapatid na Fuller, para Ito sa mga nananampalataya." At ngayon ay ipinangangaral na niya ang parehong bagay. Darating ang panahon; may isang paghaharap.

115 Ngayon pagkatapos, kung nasa ayos ito, kung dito kayo papunta. . . Habang nagsasalita ang mangangaral ay dapat na tahimik ang lahat para pakinggan ang mangangaral. Dahil doon dumadaloy ang Salita ng Diyos, kung nangangaral siya sa ilalim

ng pahid. Kung ganoon, ang bawat espiritu ng mga propeta ay sumasailalim sa propeta. Kapag lumakad na patungong pulpito ang isang pastor, ibinaba na ang Biblia, kinakailangan nang makinig ng iglesya, makinig sa . . . sa pagbasa niya sa Kasulatan, makinig sa sasabihin niya. kapag may sinabi siya na maganda sa iyo, maaari mong sabihin, "Amen, purihin ang Panginoon!" o kung ano man ang naisin mo. Ang ibig sabihin ng *Amen* ay "siya nawa." Sinabi ng Biblia na gawin mo ang gayon.

116 Pagkatapos kapag natapos na ang mensahe . . . Pagkatapos kapag nagbigay ang mangangaral ng isang lugar doon kung saan nagkakagalakan nang lahat ang mga tao, na nasa kalagitnaan na ng mga tao ang Espiritu, marahil ay magpapadala ng isa pang mensahe ang Diyos. Kung magpadala Siya ng isang mensahe, darating ito sa isang tao, pagkatapos nun ay isang pagpapaliwanag; hindi ito magiging isang, isa lamang pagbabanggit ng Kasulatan o paggawa ng kung ano. Hindi gumagamit ang Diyos ng mga walang kabuluhang pag-uulit. Bagkus ito'y magiging isang direktang mensahe sa isang tao na gawin ang *isang* bagay o bagay na makapagpapatibay sa Iglesya. Pagkatapos kapag natamo na nila ang pagpapatibay sa Iglesya, sasabihin mo . . .

117 Gaya halimbawa ganito: May isang tatayo rito at magsasalita ng iba't ibang wika; magpapaliwanag naman ang isang ito at magsasabi, "GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO: Hayaang si *Ganito-at-ganito* ay magpatong ng mga kamay sa taong ito rito, dahil GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO, ngayong gabi ang oras para sa kanilang kagalingan." Ano ito?

Pagkatapos sasabihin ng tao ring ito, "Nakaupo ako roon; nag-aalab ang puso ko para sa sanggol na 'yun." Ngayon—ngayon tatayo sila ngayon sa pagsunod sa Espiritu, pupunta't ipapatong ang iyong mga kamay sa sanggol, at gagaling na ito. Kung hindi ito gagaling, may kung anong mali. Kita n'yo, kita n'yo? Isa itong direktang mensahe.

118 Pagkatapos nakaupo roon ang hindi mananampalataya at magsasabi, "Sandali lang. Tingnan mo, ang Diyos ay naroon nga sa mga taong ito!" Nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin?

119 Pagkatapos sasabihin niya, o, "GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO: Ang bawat isa na nasa timog na bahagi ng bayan, magmula sa bahaging 'yun ng Spring Street, ay lumikas sa susunod na dalawang araw, dahil may darating na bagyo na mananalasa sa buong bahaging 'yun ng bayan." Pagkatapos, malalaman mo na lang, mayroon nang propesiya sa buong iglesya.

120 Pagkatapos may isa, na may espirituwal na paghahatol, ang tatayo at magsasabi, "Sa Panginoon ba 'yun?" Bawat isa. Kapag may tatlong mabubuting tao ang tatayo at magsasabi,

mga espirituwal na tagahatol, sasabihin, “Sa Panginoon ito,” kung ganoon ay tatanggapin ito ng iglesya; at ang lahat sa bahaging ’yun ng bayan ay magsisilikas, lalayo mula roon sa panahong ’yun. Pagkatapos kung hindi ’yun nangyari ay dapat na suriin n’yo ang taong ’yun. Kita n’yo? May ibang espiritu sa kalagitnaan n’yo. At kung mangyari, kung ganoon papurihan n’yo ang Diyos at pasalamatan ang Diyos sa pagpapahintulot sa inyo na makatakas sa poot na dumating. Kita n’yo? Matyagan n’yo ang mga ganoong bagay. Ganoon ang Iglesya na nasa ayos.

121 Dalawa o tatlong mensahe, hindi lalampas sa tatlo, ang ipapahayag sa isang pagkakataon katulad nun. Kung ano man ang ipinahayag, kita n’yo, dapat itong mailagay sa ayos. Sa umpisa pa lang. . . pagkatapos, isa pang iglesya, isa pang bagay sa ayos. . .

122 Hindi ko alam. Maaaring isang babae ang nagtanong nito. Akin lamang. . . May ibang bagay po na pumasok sa isip ko, kaya mas maigi mismong sabihin ko na rin ito. Ang babae, kapag pumapasok sila sa simbahan, ayon sa Bagong Tipan, sila ay lalakad papasok at mauupo na nakatalukbong ang mukha at may malungkot na mukha, at mananatili roon sa buong gawain. Yun nga’y batay sa Kasulatan. Ngayon. Pero sa tingin ko ang isang babae. . . Siyanga. Ngayon, hindi ko kayo kinokondena na mga kababaihan. Kita n’yo?

123 Lumapit sa akin ang isang kabataang binibini kanina. Hindi. . . Nandun si Kapatid na Junior noong lumapit ang isang babae, mangyari nga na may suliranin ang naturang babae. Pinagtatawanan siya ng mga kapitbahay niya, dahil ayaw niyang pagupitan ang kanyang buhok dito hindi pa katagalan. At pumunta siya’t pinagupitan ang kanyang buhok. At pagkatapos, may kung sinong babae doon sa may ilog ang nagbunsod ng pagkalito sa kanya, at sinabi raw sa kanya na kukunin niya, sa isang espirituwal daw na paraan, na itali raw ang mga paa niya’t kasama ang kamay niya, o, ang buhok niya at nagdulot ’yun sa babaing ito ng matinding takot. Halos mabaliw na ’yung babae, dalawa pa naman ang anak. Hindi niya alam ang gagawin. Nakaupo lang siya nang paganoon.

124 Dumating siya sa harapan ng bahay isang araw. Bumaba ang Espiritu Santo, at kinausap siya, at sinabi sa kanyang gagaling siya, ang sabi, “At GANITO ANG SABI NG ESPIRITU. . . ” At siya’y—siya’y nanatili roon pagkatapos na ganoon ang kalagayan sa loob ng ilang araw, at pagkatapos siya. . . Nagpunta ako dun kahapon, para makipagkita sa babaeng ’yun kasama sina Kapatid na Junior at Kapatid na Funk. At nasa mga kalahating milya pa lang ako noon. Nakatayo na siya roon, na sinusuklay ang kanyang buhok na kanya nang—kanya na raw pahahabain, sabi, “Kahit pagtawanan pa ako ng mga kapitbahay at anuman ang gusto nilang gawin.”

125 At pagkatapos, ayaw akong pahintulutan ng Espiritu Santo na pumunta roon. At kinausap siya Nito at sinabi sa kanya na malapit na ako roon sa lugar at nais pumunta. At kagabi sa isang pangitain, nakita ko ang babae na parating, at sinaysay kung anong diperensya sa kanya; at pinagaling siya sa silid ko kanina. Kita n'yo? Tama ba, Kapatid na Junior? Tama. Kanina lang. Kita n'yo? Ayaw akong pahintulutang pumunta roon ng Diyos dahil hindi pa handa 'yung bagay. Kita n'yo? Dinala Niya ako mismo roon sa lugar at kinumpirma ito roon mismo, para ipakita na hindi ito tao, ang Diyos ito. Kita n'yo?

Ngayon. Sabi niya, "Kapatid na Branhan, gusto ng asawa kong magkaroon ako ng mahabang buhok."

126 Sabi ko, "Ganoon din ang gusto ng Diyos." Siyanga, dahil dapat na may mahabang buhok ang kababaihan. Yun ang kanilang panakip.

127 Alam kong tayong mga binibini ngayon, o kayong mga binibini, pala, ay nagsusuot ng sumbrero. Sinasabi n'yong 'yun ang takip n'yo. Mali po. Sabi ng Biblia na ang panakip ng isang babae ay ang kanyang buhok. At kung ginupit niya ang kanyang buhok ay hindi angkop para sa kanya na manalangin. Tama ba? Kasulatan 'yun. Kita n'yo? Kaya ngayon, dapat na magsuot ng mahabang buhok ang kababaihan, kahit ano pa ang gusto n'yong isipin tungkol dito; 'yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Maaari n'yong ipakita sa akin ang isang lugar . . .

128 Sabi n'yo, "Buweno, mahaba ang buhok ko. Tingnan mo, hanggang sa mga balikat ko na ito." Maikli 'yan. "Si Cristo . . . " Sabi n'yo, "Mahaba ang buhok ni Cristo." Hindi, kailanman ay hindi. Si Cristo ay may buhok na hanggang balikat, gaya ng sinasabi nila. Kanila—kanila lang hinihila ito nang paganito at pinuputol ito, hanggang-balikat na buhok. Tingnan n'yo 'yung salitang Griyego nun doon, at malalaman n'yo.

129 Ang pambabaing buhok . . . Hindi dapat mahaba ang buhok ng isang lalaki, dahil pambabae ito, mahabang pababa na paganito. Pero Kanyang ginugupit lamang dito sa mga balikat Niya, kung saan nila ito pinuputol, sa palibot ng Kanyang ulo, ginugupit lang nang maiksi nang paganoon. Maiksing buhok na 'yun.

130 Kaya, mga binibini na hanggang kanilang balikat lang ang buhok, maiksing buhok pa rin 'yan. Ngayon, hindi ko sinasabing dadalhin kayo n'yan sa impyerno o dadalhin kayo n'yan sa Langit. Walang kinalaman 'yun dito. Pero ang kaayusan sa Iglesya ay para sa kababaihan na magkaroon ng mahabang buhok. Siyanga; siyanga. At ang pumasok sa simbahan . . . At—at hindi magkaroon ng anumang kinalaman sa mga gawain, sa mga gawaing lipunan, o, hindi ang . . . ang ibig ko po palang sabihin ay mga gawaing pang-iglesya. At ang babae ay dapat maging masunurin, at mapitagan, at iba pa na gaya nun, dahil

siya yaong, sabi ng Biblia, nagdulot sa unang pagkahulog. At ganoon nga ito; ganoon po. Ngayon, mabilisan na. Sana po'y hindi 'yun nakasakit.

**19.** Tanong: **Bakit magpapakita sa harap ko ang isang pangitain ng Diyos kung kailan tatanggap na ako ng Komunyon sa aking simbahan? Sa likod.** (Buweno, pangalan na lang ng babae ito; oo, pangalan ng babae,) **Isang. . . Bakit magpapakita sa harap ko ang isang pangitain ng Diyos kung kailan tatanggap na ako ng Komunyon sa aking simbahan?**

131 Buweno, hindi ko po alam, kapatid, malibang ganito: Kung nakita mong nagpakita si Jesus Cristo sa isang pangitain sa iyong simbahan noong tumatanggap ka ng Komunyon, ipinapabatid Niya ito sa iyo: na tinatanggap mo Siya bilang isang sagisag. Ang Komunyon ay kumatawan sa katawan ni Jesus Cristo; at tinatanggap mo Siya bilang isang simbolo sa iyong katawan. Kaya mamuhay ka nang malinis, at mamuhay nang dalisay.

132 Makinig kayo. Kung tatanggap kayo ng Komunyon (maririnig n'yo ito na babasahin sa ilang minuto na lamang) kapag kayo'y hindi karapat-dapat, kayo'y nagkasala sa Dugo at Katawan ni Jesus Cristo. Siguraduhin n'yo na ang isang tao na tumatanggap ng komunidad ay namumuhay nang tama sa harapan ng Diyos, o tumatanggap ng Komunyong 'yun, pala, ay dapat mamuhay nang tama sa harapan ng Diyos. Huwag kayong tatanggap nito na hindi karapat-dapat. Ganoon nga mismo. . .

133 Tingnan n'yo. Paunang sinabi na ng Biblia na sa mga huling araw ang lahat ng mga dulang ng Diyos ay mapupuno ng suka. At walang sinuman na—na makauunawa. Tama ba? Tingnan n'yo. Nagpunta ako hindi pa katagalan sa isang malaking tabernakulo. Hindi ko na babanggitin ang pangalan; alam na alam n'yo nang lahat ito. Alam n'yo ba kung anong kinain nila para sa komunyon? Kumain sila ng tinapay na loaf, tinapay na life, tinapay na light, at hiniwa nila ito. At 'yung grupo ng mga diyakono, na ang sabi ng mangangaral ay pito sa kanila ang lasenggo. . .Siyanga. At ang bawat isa sa kanila, ang buong grupo. . .Makikita mo sila habang lumalakad sila sa gusali na nakikipag-usap sa mga tao. At noong magpalabas na sa simbahan, sa dulo, sa pagitan ng Sunday school at ng panambahan, halos lahat, ang pastor at lahat, ay nagsisilabas at naninigarilyo sa labas, at bumalik sa loob at tumanggap ng Komunyon ng Panginoon. Sinabi ng Diyos na hindi Niya kayo hahayaang walang sala dun. "At marami ang mga maysakit at mahihina sa gitna ninyo, at marami ang namatay na." Siyanga.

134 Sabi, "Ang lahat ng dulang ng Diyos ay puno ng suka, at sino ang matuturuan Ko ng balita." Sabi Niya, "Sapagkat utos at utos, bilin at bilin, at dito'y kaunti at doo'y kaunti. Panghawakan ninyo ang mabuti. Sapagkat sa pamamagitan ng

mga utal na labi at ng ibang wika ay magsasalita Ako sa bayang ito, at ito ang kapahingahang sinabi Ko na darating, subalit sa lahat ng ito kanilang iiiling ang kanilang mga ulo at lalayo at magsasabi, 'Hindi namin pakikinggan ito.'" Tingnan n'yo kung saan na tayo nabubuhay, mga kaibigan. Oh, kahahabagan! Gumising kayo!

135 Oo, ang pangitain mo, Kapatid na babae. . . Kung ikaw ay mabuti, malinis, banal na babae sa harapan ng Diyos, nakatayo ka roon at ipinababatid sa'yo ni Jesus na ibinibigay Niya ang Komunyon, na tinatanggap mo Siya roon bilang isang sagisag; at kung ika'y hindi, bilang isang babala sa iyo na magpakatuwid ka sa Diyos bago mo gawin ito uli.

**20. Gusto kong malaman kung ano ang—ang sumusunod: Unang Timoteo, ika-2. . . Ikalawang Timoteo ika-2 kabanata at ika-16 na talata.**

136 Sandali lang po. Ikalawang Timoteo. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Kapag nagtitipon tayo. Marahil hindi kayo sasang-ayon sa sinabi ko. Dadalhin n'yo pauwi. . . Tapos, uuwi kayo at mag-aaral nang husto, at kung ganoon ay makakatulong 'yun sa inyo na maging espirituwal. Buweno, ganito ang mababasa sa Ikalawang Timoteo 2 at 16:

> *Datapuwa't iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan: sapagka't sila'y lalong magpapatuloy sa kasamaan.*

Oo. Buweno, gusto mong malaman ang "usapang walang kabuluhan" kung ano ito. "Walang kabuluhan. . . iwasan mo ang usapang walang kabuluhan, sapagkat sila'y magpapatuloy."

137 Ngayon, ang unang bagay ay yaong "walang kabuluhang usapan, sapagkat sila'y magpapatuloy." Ngayon, anumang bagay na isa lamang lumang. . . patuloy lang na ngumangawa. Ang sabi ng Biblia, sabi ni Jesus, "Ang iyong 'oo' ay dapat maging 'oo' at ang iyong 'hindi' ay dapat maging 'hindi,' sapagkat ang anumang higit dito ay hahantong sa kasalanan." Ni hindi man lang kayo dapat magbiro at makipagkulitan sa isa't isa. Pananagutin kayo ng Diyos para sa bawat walang kabuluhang salita na sasambitin n'yo. Alam n'yo ba 'yun? Sinabi ng Biblia na pananagutan n'yo ang bawat walang kabuluhang salita. Kung ganoon anong uri ba dapat ng mga tao tayo? Mga tao na tapat, tahasan, mapagmahal, mabait, at hindi kailanman kumpulan ng mga walang kabuluhan, palaging nagpapatuloy. . .

138 Tingnan n'yo. Ipagpahalimbawa n'yo ang isang tao na ang pinagmulan nga. . . Napansin ko ito sa sarili ko, at batay sa sarili kong kalikasan, na isang Irlandes; palagi akong may pakulo, para magpatawa at umasal nang ganoon. At paminsan-minsan—paminsan-minsan maging ang asawa ko'y nagsasabi, "Ngayon, Bill. . . !"

Sinasabi ko, "Tama nga, Mahal." Sasabihin niya, habang nakikipagkulitan ako sa mga bata. . . sinasabi ko. . . Nakikipaglaro ako sa kanila o kung ano, sasabihin, "Buweno ngayon, alam n'yo, may tatlong bantog na lalaki na nagmula sa Kentucky."

"Sinu-sino?"

"Buweno, si Abraham Lincoln."

"Oo."

"Si Daniel Boone."

"Uh huh."

"At ang inyong tatay." Parang ganoon.

139 At sasabihin niya, "Ngayon, Bill, hayan ka na naman." At kinakailangan kong pumunta sa maliit na silid sa isang dako, at magsabi, "Panginoon, patawarin Mo po ako, hindi ko sinasadyang sabihin 'yun. Gumawa Ka po ng isang bagay sa akin; gawin Mong maitigil ko na 'yun." Kita n'yo?

140 At araw-araw ako. . . kung ginagawa ko 'yun. . . Ngayon, pinag-uusapan natin ang salitang *pagba-backslide* kaninang umaga. Kapag ginagawa mo 'yun ay nagba-backslide ka. Siyanga, po! Kinakailangan mong magsisi. Tama ba? Ngayon, hindi ko ibig sabihin na napunta ka na sa mundo at ginawa mo 'yung *ganito* at *ganoon*, pero may bagay kang ginawa. Kinakailangan mong magsisi at mamatay araw-araw para mabuhay kay Jesus Cristo. Kaya sa, araw-araw, bawat araw, kailangan mong mamatay araw-araw para mabuhay kay Cristo Jesus.

141 Kapag gumawa ako ng bagay na. . . Madalas nakagagawa ako ng mga maling bagay. Naroon ako sa labas, at may magsasabi ng kung anong bagay o iba, maaaring makapagsabi ako ng kaunting biro tungkol dito. May magsasabi. . . Hindi naman isa na masama; ngayon, hindi ako naniniwala na nakapagsasabi ng maruruming biro ang mga Cristiano. Hindi, po! Hindi po! Ni hindi 'yun nararapat sa mga Cristiano, sabi ng Biblia. Ang sabi nito'y tanggihan ang mga walang kabuluhang bagay na gaya nun, at mga biro, at tuksuhan, at mga ganoong bagay. Hindi, hindi nagsasabi ng mga ganoong bagay ang mga Cristiano; ang mga Cristiano'y may malinis na pag-iisip.

142 Pero kung hindi kayo magbabantay, paminsan-minsan mayroong tao. . . Magsasabi siya ng munting biro ngayon. At buweno, inaakala niya marahil na ayos lang 'yun, at hahayaan lang niya, at hindi na iisipin ang tungkol dun. Sa susunod na araw magsasabi na kayo ng dalawang maliit na biro. Kita n'yo? At malalaman n'yo na lang sa kasunod, na iba na ang ginagawa n'yo. At malalaman n'yo na lang, patungo na ito mismo sa dating gawi uli. Tama ba? Layuan n'yo ang bagay na 'yan. Iwasan n'yo ito! At iwasan n'yo ang mga walang kabuluhang usapan.

143 May mababalitaan kayo na may parating. . .Bibigyan ko lang kayo ng maliit na halimbawa. "Gng. Doe, alam mo ba? Nakita ko ang asawa mo. At sasabihin ko sa iyo kung ano. At isa siyang diyakono." Kita n'yo? At . . .

Ngayon, sa ganoon pa lang, sabihin n'yo na agad, "Ayaw kong marinig 'yan!" Ganoon nga, at umalis ka agad. Hindi magtatagal, at puputulin na nila ito. Siyanga.

144 "Oh, alam mo ba kung ano, Kapatid na babae? Sasabihin ko sa iyo kung anong nangyari kay Kapatid na lalaki." Hindi lang si kapatid na babae, kundi si kapatid na lalaki na rin. Kita n'yo?

"Kapatid, sasabihin ko sa iyo kung anong nangyari. Alam mo kung mapapaalis lang natin ang mangangaral na ito, kung magagawa lang sana natin ang *ganito*, o mapaalis ang diyakonong ito, o kung magagawa natin ang *ganito*." Oh, oh! Dapat—dapat iwasan n'yo ang bagay na 'yan.

145 May naisip ako na isang mainam na munting palamuti na dapat n'yong ilagay sa mesa n'yo, isa itong munting palamuti na nakita ko roon sa Florida hindi pa katagalan. Ito 'yung tatlong maliliit na unggoy; at ang isa sa kanila'y nakatakip ang kanyang mga kamay sa mga mata niya, at sabi dun, "Masama'y huwag tingnan"; at 'yung isa pa'y nakatakip ang kanyang mga kamay sa tainga niya, sabi dun, "Masama'y huwag pakinggan"; at 'yung isa naman ay nakatakip ang mga kamay niya sa kanyang bibig, sabi nun, "Masama'y huwag isalita." At sa tingin ko'y mabuting bagay 'yun hindi ba? Siyanga, po! Oh, grabe! Napakabuting bagay nga 'yun.

146 Panatilihin lang na malinis ang inyong isipan at nakay Cristo. Hindi n'yo maaaring basta na lang sabihin, "Buweno, ngayon. . . " Ngayon kita n'yo, kung hindi kayo magmamatyag, mapupunta kayo sa isang lugar, kung palagi n'yong iniisip na . . . At huwag—at huwag n'yong isipin na mayroon kayong. . .Hindi kayo mabubuhay nang sakdal hangga't hindi kayo nakagagawa ng ganoong pagkakamali. Ngayon, huwag n'yong iisipin na magiging ganoon kayo, dahil hindi kayo magkakagayon. Hindi, po! Hindi kayo walang kasalanan, at tiyak na malilihis kayo ng landas, sa panig na ito at sa panig na 'yun.

147 Pero ang isang tao na minsan nang bumagsak, kung tunay siyang sundalo ay tatayo siyang muli. "Panginoon, hayaan Mo akong bumangon at subukan itong muli." Pero ang isang duwag, sa sandaling makita niya na nakagawa siya ng kanyang unang maliit na pagkakamali, gaya na lang ng nabanggit ko kaninang umaga: ang kulisap at ang gagambang-tubig ay muling gagapang mismo pabalik sa tubig. Kita n'yo? Sadyang hindi niya ito maaatim.

148 Kaya tanggihan n'yo ang lahat nung dati—'yung walang kabuluhang usapan na 'yan at pagngawa, usap-usapan. Ang ibig sabihin ng *walang-kabuluhang usapan* ay "kalituhan." At sinabi

ng Biblia, "Tandaan ninyo kung sino ang pinanggagalingan ng mga pagtatalo-talo sa gitna ninyo."

149 Kung may magsasabi, "Uh huh! Uh huh," ngayon agad—agad n'yong sabihin, "Kumusta? Natutuwa akong makita ka uli. Sige salamat." At magpatuloy ka lang sa paglalakad. Yun ang pinakamagandang bagay. Huwag n'yo silang iwasan, kundi tandaan n'yo lang sila. Huwag n'yong paglaanan ng pansin, dahil nakita n'yo na kung saan ito patungo.

**21. Nasaan si Jesus mula noong Siya'y. . .nasaan ba si Jesus mula noong Siya'y mabautismuhan hanggang sa tatlong taon ng Kanyang pagmiministeryo?**

150 Buweno. Si Jesus, noong Siya ay mabautismuhan, ay kaagad na umahon sa tubig, at dinala Siya ng Espiritu sa ilang nang apatnapung araw at gabi para tuksuhin ng diyablo. At tinukso Siya nang apatnapung araw at gabi. At nag-ayuno Siya. Lumabas Siya. Tinukso Siya ng diyablo noong lumabas na Siya pagkatapos ng Kanyang pag-aayuno. At nilabanan Niya ang diyablo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at pumasok na sa Kanyang pagmiministeryo, at nangaral nang tatlo't kalahating taon, ayon sa mga Kasulatan.

151 Tingnan n'yo. Doon sa Daniel ay nagsalita ang Diyos at sinabing mangangaral Siya nang tatlo't kalahating taon at puputulin bilang isang Hain sa panahong 'yun. Ganoon nga mismo. Mula noong itatag ang sanlibutan Siya ay itinalaga na. Siyanga.

152 Sa ika-4 na kabanata ng Mateo, makikita n'yo 'yun. Kung hindi man ito sumasakto sa paniniwala n'yo, ayos lang.

Ngayon, 'yung isa roon na hindi ko. . .Tingnan natin kung ano uli. . .Oh, sige. "Nasaan ang. . .?" Natapos na natin 'yan kanina. "Nasaan ang mga patay?"

**22. May panahon po ba—may panahon po ba na tayo lahat ay puti o itim? Sa dalawa, kanino inilagay ang sumpa?**

153 Ngayon, sa pagkakaalam natin, hindi ko masasabi kung sina Adan at Eba ay—ay puti, o kayumanggi, o dilaw, o itim. Hindi ko masasabi sa inyo. Wala nang nakakaalam kundi ang Diyos lamang, sa palagay ko; naroon Siya noon. Ngayon, sa. . .Dahil sa nagmula tayong lahat sa isang wika't isang bayan hanggang sa tore ng Babel, isang kalituhan. At pagkatapos ay naiba ang kanilang mga wika. At sa pagkakaalam natin ay iisa silang bayan hanggang noong panahong 'yun. At naghiwa-hiwalay sila at kumalat sa iba't ibang bahagi ng mundo.

154 At ang ilan. . .Kumuha kayo ng isang hayop; kumuha kayo ng anumang buhay na kumakain sa kung anong lupa, magiging ganoong kulay rin ito. Kung may mangangaso rito, sundan n'yo lang ako nang ilang minuto. Pumunta kayo sa Mexico, at tingnan n'yo ang koyote roon; pumunta kayo rito sa Arizona

at tingnan n'yo ang koyote roon; pumunta kayo sa Hilaga at tingnan n'yo ang parehong koyote, at pansinin n'yo ang tatlong kulay. Kumuha kayo ng isang bayawak na Gila na pinalaki sa Texas, at kumuha ng isa na pinalaki sa Arizona, at tingnan n'yo ang pagkakaiba nila (kita n'yo?), dahil ito sa lupa na pinamumuhayan nila. Kita n'yo?

155 At ngayon, ang mga Tsino, ang Tsino nga'y isang—isang tao na dilaw, ang Hapones, at iba pa, at ang Tsino. Ang Etiopo ay isang—isang taong itim, o ang Negro na mayroon tayo ngayon. At nagpunta siya roon sa itim na mga bansa roon.

156 At sila—at—at sila'y. . . At pagkatapos ang puting tao ay ang mga Anglo-Saxon na tayo nga. At, sa—sa mga tao rito, ang tinatawag nating mga puti, nagbuhat sila sa Inglatera na dating tinatawag na "lupain ng Anghel." At dahil puti sila, at olandes ang buhok, at kung ano pa. . . At kumalat sila sa Irlandes, at Norway, at iba pa, sa dako roon. At nagmula silang lahat sa mga Anglo-Saxon.

157 Ngayon, alin ang una at alin ang isinumpa? Wala sa kanila. Alam ko ang tinatangka mong marating. Tinatangka mong makarating kay Ham. Alam ko kung saan ka patugaygay, sa lipi ni Ham.

158 Ngayon, naroon sina Ham, Sem, at Japhet. Ngayon si Ham, hindi niya—hindi niya—hindi niya sinubukang itago ang kahubaran ng kanyang ama, kundi pinagtawanan at kinutya pa niya ito. At naglagay ng sumpa ang Diyos kay Ham sa pagtingin sa kahubaran ng kanyang ama at di sinikap na takpan man lang ang kahihiyan ng kanyang ama. At sina Sem at Japhet ay papaatras ang lakad at inihagis ang kanilang mga balabal sa kanilang ama noong nakahiga siya na hubad. At ngayon, sinabi ng Diyos kay Ham na paglilingkuran ng kanyang salinlahi ang iba pa.

159 Ngayon kung inisip n'yong isa 'yung sumpa, ang pagiging itim, buweno kung ganoon, ang mga Judio ay maitim din naman. Kung sa tingin mo na 'yun ang—ang, ang tinatawag natin na taong itim, o, ang Negro ng bansang ito na narito ngayon, subukan mong pumunta sa India. Higit na maitim ang mga Indiano kaysa sa Negro. Nakapunta na ako sa parehong bansa nila. Heto ang—ang Etiopo roon mula sa Etiopia, at ang Aprikano, ang taong itim na kilala natin ngayon. Naroon sila, marami sa kanila ang nasa pagka-primitibo pa rin, sa kanilang mga tribo. Parang tayo lang noong dumating si Jesus.

160 Ang mga taong puti noon ay kasing primitibo na tulad ng—ng mga katutubong Aprika ngayon, mas primitibo pa marahil. Alalahanin n'yo, dalawang libong taon na ang nakalipas ay mga hubad na taong-tribo tayo roon na tangan ang isang—tangan ang isang busog at palaso at isang palakol na bato, na nangangaso ng

mailap na hayop (ganoon nga mismo), tayo na mga lahing Anglo-Saxon. Ganoon nga mismo. Kaya alin ang alin?

161 Sasabihin ko sa inyo na ang mga isinumpa ngayon ay yaong tumatanggi kay Jesus Cristo. Ganoon nga mismo. Ang tumatanggap kay Jesus Cristo ay pinagpala.

162 Ngayon, hindi n'yo maaaring sabihin...pupunta ako, kukunin ang Eskimo, mula sa lupaing 'yun doon. At hayun siya; at mas maitim ang taong 'yun kaysa sa mga taong itim na mayroon tayo rito. Pupunta ako roon sa India at kukuha ng mga Indiano; at siya'y—hindi siya basta itim, talagang itim siya. Mas maitim siya kaysa...talagang maitim mismo ang kulay. At siya ang tinatawag na...At siya'y isang Indiano. Buweno ngayon, sa Aprika kumuha tayo ng ilan sa mga taong Aprikano na... Ang ilan sa kanila ay di-masyadong itim; ang ilan sa kanila ay halos nga parang puti na; at ang ilan sa kanila ay—ay iba't ibang kulay.

163 Pumunta kayo sa mga Judio; at sasabihin n'yong ang lahat ng mga Judio ay—ay maitim ang kulay ng balat. Ang Judio ay kayumangging tao, pero may nakita akong maraming pula ang buhok na ang mga mata ay asul, maputi ang balat. Kita n'yo?

164 Kaya ang buong bagay ay ito: nagmula tayong lahat sa isang puno. Ganoon nga. At isinumpa tayong lahat dahil sa pagkahulog doon sa Eden. At naligtas tayong lahat sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Hayun ito. Kaya walang sumpa. Ang mga isinumpa ay sila na hindi nananampalataya, pero pinagpala naman ang mga nananampalataya. Kaya wala sa alinman, kaibigan, sa itim man o sa taong itim, o sa taong puti o sa taong dilaw. Kung ganoon kasi, na kung ang taong itim ay isinumpa sa pagiging itim, kung ganoon kalahating isinumpa mismo ang taong dilaw. At pagkatapos ang—at pagkatapos ang taong dilaw, at pagkatapos ang taong kayumanggi, siya'y dalawang-katlong bahagi pala na isinumpa kung ganoon. Kita n'yo? At pagkatapos, ang Aprikano'y nasa mga apat-na-ikalimang bahagi na isinumpa. At sa palagay ko ang Indiano ay lubos pala mismong isinumpa kung ganoon. Oh, naku! Sadyang kalokohan nga! Hindi! Dahil ito sa iba't ibang klima't mga bagay-bagay na pinamumuhayan ng mga tao. Nag-iba sila, umalis sa tribo't kung ano pa, kaya nagkaiba-iba.

165 Tingnan n'yo ang Amerikanong Indian. Marami sa mga... Ang Navajo roon ay mas maitim na lahi kaysa sa mga itim na Etiopo natin sa bansang ito, ang Navajo. Ang mga Apache naman...Sila'y medyo parang—parang kulay-tanso. At ang iba't ibang tribo...Kita n'yo? Kaya doon mismo sa gitna ng mga Indian, dito mismo, makikita n'yo ang mga itim, at halos...At ang Cherokee ay halos kasing putla natin, ang Cherokee. At 'yan mismo ang narito sa bansang ito, iba't ibang tribo. Kaya kita

n'yo, hindi mo maaaring sabihin na sila'y kalahating isinumpa at lubusang isinumpa. Hindi sila isinumpa sa kadahilanang itim sila. Hindi sila isinumpa sa kadahilanang dilaw sila o sa kadahilanang puti sila. Isa lang ang sumpang alam ko, at 'yun ay ang di-pagsampalataya kay Jesus Cristo. (Alam ko, Donny, oras na para magtapos ako, pero may dalawa pa akong tanong.)

**23.** Buweno ngayon. **Nasaan na ang nagkalat na sampung nawawalang angkan ni Israel (Genesis 44:49) ang lipi ni Joseph sa maraming bansa? Sina Simeon, Levi, na walang sariling lupain na kanilang pag-aari, kundi nagkalat sa gitna ng iba pang sampung angkan... Nasaan na ang sampung angkan? Matatagpuan ba natin sila?**

166 Siyanga, po! Matatagpuan sila. Sa heograpiya maaari silang mahanap sa Biblia. At sinasabi sa atin ng Diyos doon kung saan sila naroon sa mga huling araw at kung ano ang magiging katapusan nila. At ngayon mismo, kababasa ko lang ng aklat, na doon daw sa Israel kung saan naroon ang mga 'yun, kung saan ang sabi niya'y inilublob ng isa ang kanyang mga paa sa langis at lahat. Alam ng Diyos kung saan silang lahat matatagpuan, nakakalat sa iba't ibang lugar. At nagbabalikan nang lahat ang mga Judio sa Palestina, kung saan ipinangako ng Diyos sa mga huling araw na paroroon sila.

**24.** Isa pang tanong: **Maaari...Hindi ko mapaniwalaang nagpadala ang Diyos ng mga digmaan bilang kahatulan. Hindi ko mapaniwalaang nagpapadala ang Diyos ng mga digmaan bilang kahatulan.** (Makinig lang po sandali.) **Hindi ako naniniwala, gaya ng pinaniniwalaan ng ilan, na inilagay ng Diyos ang tabak sa mga kamay ng mga mamamatay-taong ito mula sa sinaunang Babilonia hanggang kay Hitler, para pumaslang ng mga inosenteng kababaihan at mga bata sa gitna...kasama ng mga nagkasala, para isagawa ang hatol ng Diyos. Ang Diyos nawa...ang aking Diyos ng pag-ibig ay hindi gagawin...ng aking Diyos ng pag-ibig** (Paumanhin!), **na gagawin ang ganito. Ang mga digmaan ay mga gawa ni Satanas. Pakikumpirma po ang kalituhang ito.**

167 Ngayon, sandali lang. Nabasa ko na ito kanina lang, 'yan ang dahilan kung bakit inilagay ko ito sa ilalim. Ngayon, gusto kong manahimik lamang kayo pansumandali. Ngayon, ating—ating ituwid ito nang mainam, dahil ito'y medyo malaking tanong. At kailangang sagutin natin ito nang may paggalang. Pagkatapos na pagkatapos po n'yan, kung makapagtitiis pa kayo kasama namin nang kaunti pa...

168 Alam kong lumalalim na ang gabi, pero ito'y...Tandaan n'yo, ano naman? Ngayon, dati kayong nagsasayaw nang magdamag at hindi n'yo 'yun alintana (kita n'yo?), nagpupunta sa mga bagay na makamundo, pero pagdating sa Salita ng Diyos na sumobra lang ng dalawampung minuto, kapatid, aba'y aasta

na kailangan na nating kumuha ng isang bagong mangangaral. Kita n'yo? Nakakahiya po. Nangaral noon nang magdamag si Pablo. Nangaral ako rito mismo mga taon na ang nakalipas nang alas dos o alas tres ng umaga. At naglalakad nang pabalik-balik ang mga tao sa lugar na ito rito na sadyang nagpupuri sa Diyos nang alas dos o alas tres ng umaga. Makakakita kayo ng sindami ng isang dosena sa isang pagkakataon na mga nakakatanggap ng Espiritu Santo nang alas dos o alas tres. Mahabag nawa ang Diyos. Ninanais kong makita itong muli. Pero hindi na maaari; lumipas na ang araw. Lumipas na ngayon ang araw; ubos na ang oras. Gumagabi na't ang mga tao ay. . . "Buweno, wala na kaming pakialam pa, kaya. . . Naku, sana matapos na, para makapaghanda na tayong pumasok." At ganoon nga—ganoon nga mismo.

169 Sandali lang po, may gusto akong itanong sa iyo ngayon. Ngayon, ako nga'y di sang-ayon sa'yo, kapatid na lalaki o kapatid na babae, hindi ko alam. Inilagay lang ito rito kaninang umaga. Nasa Biblia ko ito't tinitingnan ito kanina. Ngayon, sa magiliw na paraan. . . At ngayon, ayaw ko na—na—na magalit ka sa akin. Gusto kong makinig kang mabuti.

170 At tayo. . . Tandaan mo, gusto ko sanang sumang-ayon sa iyo ukol dito—ukol sa hinuha mo rito gaya sa ginawa ko roon sa babae, sa kaawa-awang babae kanina. Sabi. . . Siya at ang asawa niya, nagtanan lang sila't nagpakasal; at hayun nga. Pero sumumpa na siya; kailangan niyang panindigan ito. Kita n'yo? At ngayon, kailangan kong manindigan din sa Salita ng Diyos.

> Pero ngayon, **hindi ako naniniwala. . .** Pero una muna, **hindi ako naniniwalang nagpapadala ang Diyos ng mga digmaan bilang kahatulan.**

171 Buweno ngayon, kaibigan, may isang bagay lang na mali sa paniniwala mo, at 'yun ay, hindi ito batay sa Kasulatan. Nagpapadala nga ang Diyos ng digmaan bilang kahatulan. Siyanga. Ako—ako'y magbibigay sa'yo ng Kasulatan; hindi ko lang ito babasahin mula rito at tapos sasabihin sa iyo.

> Tingnan mo. **Hindi ako naniniwala katulad ng ilan na naglagay ang Diyos ng tabak sa mga kamay ng mga mamamatay-tao mula sa sinaunang Babilonia hanggang kay Hitler, para pumaslang ng inosenteng kababaihan at mga bata.**

172 Kung sasabihin ko sa iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo na Kanyang ginawa nga ito noon, at patutunayan ito sa pamamagitan ng Biblia, paniniwalaan mo kaya ito kung ganoon (kita n'yo?), na ginawa nga Niya ito noon? Sige. At gagawin Niya 'yung muli. Sige. At pakinggan mo ito.

173 Hindi ko alam. Hindi ko alam na baka ang matalik ko pang kaibigan na nakaupo rito ang may tanong nito; siyanga't alam ng Diyos na nasa Langit na hindi ko nga nakikilala 'yung sulat-

kamay. Hindi ko masabi sa inyo. Pero gusto kong pakinggan mo ito. "Ang aking Diyos ay Diyos ng pag-ibig, ang aking Diyos ay pag-ibig at hindi Niya gagawin ito. Ang mga digmaan ay kay Satanas." Sasang-ayunan kitang ang mga digmaan ay kay Satanas. Ganoon nga mismo. Siya'y prinsipe ng mundong ito. Ang bawat kaharian at ang bawat bansa sa mundong ito ay kay Satanas. Sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita na ganoon nga ang mga ito. Sabi ni Satanas, "Sila'y sa akin." Inamin ni Jesus na ang mga ito'y kay Satanas nga. Pero Siya nga'y magiging tagapagmana ng lahat ng mga ito pagkatapos, si Jesus nga. Hindi na tayo magkakaroon ng mga digmaan pa sa panahon na 'yan. Anupa't pinahihintulutan ng Diyos si Satanas na gawin ito para sa pagtutuwid at para sa kahatulan.

174 Ngayon, may gusto akong itanong sa iyo bago lamang tayo magsimula. Gusto kong ibigay mo sa akin ang sagot mo rito at alamin. Kung hindi ka naniniwalang ang Diyos ay isang . . . (Sabi mo) . . . na hindi gagawin ang mga bagay na ito. Para mismo simulan ito mula sa pasimula . . . Ngayon, ibigay n'yo sa akin ang buo n'yong atensyon kung maaari. Pakinggan n'yo. Bakit sinaktan Mismo ng Diyos ang Kanyang Sariling Anak at pinatay Siya sa krus? Pinatay ng Diyos ang Sarili Niyang Anak sa krus. "Gayunma'y kinalugdan 'yun ng Diyos," sabi sa Kasulatan, "na hampasin Siya, at mabugbog Siya, at sugatan Siya." Ginawa ng Diyos sa Sarili Niyang Anak ang ganoon upang iligtas ka.

175 Gusto kitang tanungin tungkol kay Saul, ang dakilang hari ng Israel. Sinabi ng Diyos sa kanya na pumunta't lusubin si Haring Og at lahat ng pag-aari niya at lipulin nang lubos ang lahat ng naroon, mga kalalakihan, kababaihan, mga bata, at lahat-lahat . . . At si Saul . . . maging ang mga bakahan ay dapat patayin, huwag magtira ng anumang buhay. At nagpunta roon si Saul at nagtira ng ilang mga baka. At inalis ng Diyos ang Espiritu sa kanya't inihiwalay siya sa Kanya; siya'y naging kaaway ng Diyos.

176 Bakit tumayo si Elias doon noong ibinigay ng Diyos ang matandang Haring Og sa mga kamay ni Ahab? At sinabi niya kay Ahab na patayin ang haring 'yun. At tumanggi si Ahab na gawin 'yun. At may bantay si Elias na propeta para . . . Sabi, "Saktan mo ako ng iyong tabak." Napagtanto niyang siya'y isang propeta.

Ang sabi niya, "Hindi ko gagawin." At nawalan siya ng buhay. Pagkatapos sinabi niya sa isa pa, sabi "Saktan mo ako." At inundayan siya nung lalaki ng kanyang tabak at sinugatan siya. At nagdamit siya para magpanggap at tumayo siya roon. At naritong dumarating si Ahab sakay sa kanyang karwahe.

Sabi niya, "Ano—Ano ang itinatayo-tayo mo rito?"

Sabi niya, "Buweno, isa akong bantay; isang lalaki ang ibinigay sa pangangalaga ko. At sinaktan niya ako at tumakas,"

sabi niya, "at hinayaan ko siya. At ang sabi nila sa akin kapag hinayaan ko raw siyang makatakas, kinakailangan kong pagbayaran 'yun ng sarili kong buhay."

Sabi niya, "Buweno, kakailanganin mong pagbayaran ng sarili mong buhay."

Hinubad niya ang pagpapanggap niya't sinabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, dahil hindi mo pinatay ang haring 'yun doon, pagbabayaran mo ito ng sarili mismo." Tama ba? Tama nga mismo.

177 Hayaan n'yong may basahin ako rito. Paano naman ang Babilonia, noong si Josue. . .noong ipinadala ng Diyos si Josue papunta roon, at nilipol niyang lubos ang maliliit na sanggol, mga bata, at lahat ng iba pa. At kung hayaan niya kasing mabuhay ang isang bagay. . .Siyanga't kanyang nilipol ang lahat. Mumunting sanggol man na Filisteo, talagang nilipol niya sila. Inutusan siya ng Diyos. At kung hindi niya 'yun ginawa, ang sarili niyang buhay ang kapalit.

178 Ilalagay ko na ito sa pagkakaayos mga kaunting minuto na lang. Ang Diyos ay pag-ibig, sakdal na pag-ibig; pero hindi n'yo alam kung ano nga ba ang pag-ibig. Kaya naman sa panahong ito hindi alam ng mga tao kung ano ang pananampalataya. Ang Diyos ay pag-ibig. Kailangan Siyang umibig; Siya'y makapangyarihan sa Kanyang Salita. At kinakailangan Niyang tupdin ang Kanyang Salita. Kinakailangang ibigin ka Niya. At kung minamahal ka Niya, kinakailangan ka Niyang ingatan.

179 Makinig kayo rito. Binabanggit n'yo ang tungkol sa pagkahulog ng mga anak. Pansumandali lang, hayaan n'yong may ipakita ako sa inyo rito sa mga Kasulatan, kung ano—kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa mga bagay na ito rito. Dumako tayo rito at pakinggan n'yo lamang ito pansumandali at tingnan n'yo kung anong sinabi ng Diyos. Ngayon, babasa ako mula sa ika-9 na kabanata ng Ezekiel, kung gusto n'yo itong isulat. Pakinggan n'yong mabuti:

> At. . .*Nang magkagayo'y sumigaw siya sa* aking *pakinig ng malakas na tinig,* at *nagsasabi, Magsilapit yaong mga may katungkulan sa bayan,. . . na bawa't isa'y may* kanilang *pangpatay na almas sa kaniyang kamay.* (Ngayon, ang Diyos ito na nagsasalita.)
>
> *At, narito, anim na lalake ay nagsipanggaling sa daan ng mataas na pintuang-daan, na* nasa dakong *hilagaan, na bawa't isa'y may kaniyang* pamatay *na almas sa kaniyang kamay; at isang lalake ay nasa gitna nila na nakapanamit ng* puting *kayong lino,* at *may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran: At sila'y nagsipasok, at nagsitayo* sa tabi ng. . .*sa siping ng tansong dambana.*

> *At ang kaluwalhatian ng Dios ng Israel ay umilanglang mula sa* mga kerubin, *na kinapapatungan, hanggang sa pintuan ng bahay. At kaniyang tinawag* ako. . .*ang lalaking nakapanamit* ng puting *kayong lino,* na mayroong. . .*na may tintero*. . .sa *kaniyang* kamay—o *tagiliran;*
>
> At kaya. . .*At ang* P*ANGINOON*. . .(Malaking titik na P-A-N-G-I-N-O-O-N, ang Diyos.). . .*sinabi ng* P*ANGINOON* *sa kaniya, Pumaroon ka sa gitna ng bayan, sa gitna ng Jerusalem,. . .maglagay ka ng mga tanda sa* noo *ng* tao *na nangagbubuntong-hininga at. . .nagsidaing dahil sa. . .kasuklamsuklam. . .na nagawa sa gitna niyaon.*
>
> *At sa mga iba ay*. . .(Ang PANGINOON.). . .*sinabi niya sa* aking *pakinig, Magsiparoon kayo sa bayan na magsisunod sa kaniya, at manakit kayo:* at *huwag magpatawad ang inyong mata, o kayo man ay mahahabag:* (Masdan n'yo, ika-6 na talata.)
>
> Lubos mismong—*Lipulin ninyong lubos ang matanda*. . .*ang binata*. . .mga dalaga,. . .*ang mga bata,. . .ang mga babae:*. . . (Sinabi 'yun ng Diyos. Sinabi 'yun ng Diyos!). . .*nguni't huwag lumapit sa sinomang lalake* na *tinandaan; at* kanyang *pasimulan sa* matandang. . .sa *santuario*—at pinasimulan *sa mga matandang* lalake. . .*na nangasa harap ng bahay.*

180 Sa madaling salita, sinabi ng Diyos sa mga taong ito, "Ngayon, sandali; lalagyan Ko muna ng tanda ang mga tao, 'yung mga talagang nakalaan sa Diyos. . ." At nilagyan Niya sila ng tanda. Sabi Niya, "Ngayon," sa mga lalaking ito na may pamatay na armas, "humayo kayo at huwag magpatawad ng mga babae, mga bata, o anuman, kundi lipulin ninyong lubos ang lahat."

181 Sa mundo noong wala pa ang malawakang pagkawasak dahil sa baha, noong milyun-milyon na makamilyun-milyon at bilyun-bilyon na mga tao ang nasa ibabaw ng lupa, at nagpadala ang Diyos ng isang matandang mangangaral ng kabanalan na nagngangalang Noe, at nangaral nang sandaan at dalawampung taon, at sinabi niya sa mga tao na pumasok sa daong, at ang lahat ng hindi pumasok sa daong ay mangalilipol. . .At ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na may kontrol sa kalangitan, ay pinababa ang mga ulan na lumipol nang lubos sa milyun-milyong matatanda, mga kabataan, maliliit na sanggol, na nangalunod at nangamatay sa tubig.

182 Ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at tama mismo na Siya'y Diyos ng pag-ibig. At totoo 'yun. Tunay na Siya nga. Mahal Niya ang mga Sariling Kanya. Marapat lamang na may kapangyarihan Siya sa Kanyang Salita. Hindi para. . .para sa

isang pagtatalo, bagkus hindi lamang pagsang-ayon sa'yo. Ang Diyos mo ng pag-ibig . . .

183 Dito kamakailan lang ay kausap ko . . . Marahil isa 'yung Jehovah Witness. Lumapit 'yung lalaki't sinabi, "Kapatid na Branham, ang ibig mo bang sabihin sa akin ay naniniwala ka na mayroong nagniningas na impyerno?"

Sabi ko, "Hindi ako ang nagsabi, haya't ang Biblia ang may sabi."

Sabi niya, "Ang ibig mo bang sabihin sa akin ay susunugin ng isang mapagmahal na Ama sa Langit ang Kanyang mga anak? Aba," sabi, "hindi mo susunugin ang anak mo."

Sabi ko, "Hindi, ginoo!"

"Buweno kung ganoon, kung ikaw bilang tao ay may ganoong kalaking pag-ibig (kita n'yo, kung papaanong binabaluktot 'yun ng mga tao?), kung ikaw nga bilang tao ay may ganoong kalaking pag-ibig, sa tingin mo ba'y lilipulin ng isang mapagmahal na Ama sa Langit ang kanyang mga anak?"

184 Sabi ko, "Hindi kailanman!" Hindi Niya nililipol ang mga anak Niya, pero kaninong anak ka ba? Hindi nililipol ng Diyos ang mga anak Niya. Sinisikap Niya ang buong makakaya Niya para maipasok sila. Pero ang diyablo na nakawala ang lilipol sa kanyang mga anak. Kaya pinahihintulutan lang ng Diyos si Satanas.

185 Tingnan n'yo. Sino ang nagpahintulot na makababa ang masama at kay Satanas upang pumunta't sirain ang pinaka sakdal na lingkod ng Diyos hanggang kay Jesus Cristo, na sirain ang kanyang mga anak at ang lahat ng mayroon siya, si Job? At nagpadala ang Diyos ng isang masamang espiritu roon at nilipol ang lahat ng mga anak ni Job at lahat-lahat para mismo subukin ang Kanyang lingkod. Tama ba? Tunay nga.

186 Oh, makakatayo ako rito ng isang oras at maipapakita mismo ang mga ito sa iyo, Kapatid kong lalaki, Kapatid na babae. Siyanga, kung sino ka man. Huwag kang maguguluhan sa Espiritu ng Diyos na ito. Ang mga digmaan ay ang kahatulan ng Diyos sa mga bansa. Ang mga pagkawasak ay ipinapadala ng Diyos. Sinabi 'yun ng Biblia. At ang Diyos ay Diyos ng pag-ibig, pero ang Diyos ay Diyos din naman ng poot. At hindi ka tatayo sa harapan ng isang mapagmahal . . . Ganyang bagay nga mismo ang nakapipinsala sa iglesya sa panahon ngayon.

187 "Isa Siyang mapagmahal na Ama, siyempre wala lang sa Kanya kung gawin ko man ito." Kung gusto mong gawin ito, sige't ituloy mong gawin ito, dahil wala sa iyo ang pag-ibig ng Diyos sa simula't sapul.

188 Naghahanda na tayo para makibahagi sa Komunyon sa kaunting sandali na lang, at gusto ko mismong tumimo ito sa inyo. Ang punto nga mismo, kung ano 'yang nasa puso n'yo

ay mamumunga mismo, magpapakita ng inyong buhay. Kung anong uri ng binhi ang inilagay mo sa lupa ay mamumunga ng kauri nito. Maaari ka bang magtanim ng isang—isang mais at ang kalalabasan ay isang—isang talampunay na damo mula rito? Hindi mo 'yun magagawa kagaya nga na di ka maaaring magtanim ng isang butil ng mais at magbubunga ng damong-berberetso. Hindi mo mapapamunga ng ganoon, dahil sila'y dalawang magkaibang kalikasan, dalawang magkaibang buhay mismo. Ang. . .Ikaw—ikaw marahil ay kukuha ng isang binhi ng damong-talampunay at isang binhi ng sibuyas, at magkamukhang-magkamukha sila hanggang sa hindi matukoy ng pinakamahusay na tao ang pagkakaiba nila. Siyanga. Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay itanim sila. Magkamukha silang dalawa sa natural, pero itanim mo sila. Pareho silang mamumunga; at ang isa ay magiging damong-talampunay at ang isa naman ay magiging sibuyas. Ganoon nga mismo.

189 Sasabihin, "Bakit, anong dahilan at ang binhing *ito*, kamukhang-kamukha naman nito *ito*, pero ibang uri ng buhay ang ipinamunga?" Dahil ang ganoong uri ng buhay ay nasa loob nito.

190 At ang isang lalaki o babae na nag-aangkin na isang Cristiano at hindi namumuhay ng ganoong uri ng buhay, sa biyaya ng Diyos, ay isang damong-talampunay. Makikilala n'yo sila sa kanilang mga bunga. Kung ang bagay na 'yun ay nasa puso mo, 'yun ang magpapatunay kung ano ka sa ibang dako. Kung masama ito, magpapatunay ito na narito ka na sa ibaba. Kapag namatay ka, pupunta at pupunta ka nga sa kung nasaan ka na.

Kung mabuti ka't ika'y—ika'y mabuti dahil ginawa ka ng Diyos na mabuti, at ikaw ay ipinanganak na muli, tiyak na patutungo ka roon, dahil kinakailangang magpatunay ang Buhay na 'yan sa dakong ito. Kung nagpapatunay ito rito, doon ka pupunta. Kung nagpapatunay ito roon sa itaas, doon ka pupunta. Kita n'yo?

191 Kung ano ka rito. . .Ilagay n'yo ito sa isipan n'yo ngayon. Magtatapos na ako. Pero kung ano ka rito ay palatandaan 'yun na ikaw ay ganoon nga sa kung saan. Nagnanais ka sa tuwina na maging sakdal noon pa man, kayong mga Cristiano. May kasakdalan, at ang kasakdalang 'yun ay hindi sa buhay na ito. Pero ang bawat lalaki't babae rito na Cristiano, bawat Cristiano rito ngayon ay niluwalhati na sa Presensya ni Jesus Cristo. At mayroon na kayong isa pang katawan. Hindi kayo sa iba pang panahon magkakaroon nun, mayroon na kayo ngayon. Ngayon mismo ay may isa pang katawan na naghihintay sa inyo kung mamatay man ang isang ito. Maiisip-isip n'yo ba 'yun. Pagnilayan n'yo 'yun pansumandali.

192 Alam n'yo bang ang bawat isa sa atin ay maaaring mapasawalang hanggan na bago pa man sumikat ang araw bukas ng umaga? Ngayon, kung hindi ka Cristiano, kaibigan ko, may isang bagay na lang na natitira para sa iyo. Kinakailangan mong dumako sa daang 'yun. Kung ika'y nasa landas na 'yun, kinakailangan mong tumuloy sa landas na 'yun. Kung ikaw ay butil ng mais, mamumunga ka ng mais. Kung isa kang damong-berberetso, maglalabas ka ng buhay ng damong-berberetso. Ngayon, kung kaanib ka sa isang iglesya sa kung saan na hindi alam at hindi nagtuturo, at hinahayaan ka lang na magsimba't maging miyembro ng simbahan. . . Sasabihin mo, "Buweno, Kapatid na Branham, itinuturo ng iglesya ko na dapat naming tanggapin si Jesus Cristo bilang personal naming Tagapagligtas. Kung sasampalataya raw kami sa Panginoong Jesus Cristo kami ay ligtas." Pero kung hindi umaangkop ang buhay mo roon, hindi ka pa nakakarating.

193 Alam n'yo bang naniniwala rin ang diyablo na si Jesus Cristo'y ang Anak ng Diyos? Alam n'yo bang si Jesus sa publiko, o, alam n'yo bang inihayag sa publiko ng diyablo na si Jesus ay ang Anak ng Diyos? At hindi naman siya ligtas. At hindi siya maaaring maligtas; siya ang diyablo. Kaya naman ang pagpapahayag kay Jesus bilang Anak ng Diyos . . .

194 Alam n'yo bang ang lahat ng mga Fariseo at mga Saduceong 'yun, bawat isa sa kanila ay mga deboto't relihiyosong mga tao; iniibig nila nang lubos ang Diyos nang buo nilang puso, 'yun ang akala nila; at bigo namang makita Siya na walang sala, ang Anak ng Diyos, na kilalanin Siya bilang Anak ng Diyos. At sa kabila nun, napakarelihiyoso nila (tama ba?), sobrang deboto, lubos na edukado, kabisado ang Biblia kaysa sa sinuman sa mga iskolar natin sa panahon ngayon. Wala silang ibang ginagawa kundi manatili roon nang salinlahi sa salinlahi at maglingkod sa Panginoon.

195 Ngayon, tingnan n'yo ang sinasabi ng Kasulatan: "Sa mga huling araw . . . " Sa inyo, mga kaibigan kong Cristiano, at nang may kalakip na banal na pag-ibig, ang sabi ng Biblia, "Sa mga huling araw ang mga tao . . . darating ang panahon kung saan ang mga tao ay magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos." Ngayon, hindi ba't 'yun ang katotohanan?

196 May isang tao sa gusaling ito ang nagpunta sa isang handaan para sa Bagong Taon noong isang gabi, at sa ilalim na palapag ay umiinom sila ng mga softdrink at naglilibang at patuloy lang sa pagsasaya, kumakain ng sorbetes, at kung ano pa. At nagpapasayaw pa nga ang mga simbahan. Sadyang kung ano mismo ang sinabi sa kanila ng Diyos na huwag gawin, ginagawa nila sa Pangalan daw ni Cristo. At may bagay na sinabi si Jesus na gawin ng Iglesya, at tumatanggi sila rito. Si Jesus, ganito ang mga huling salita Niya, ang

Kanyang iniwang kalooban at testamento sa Iglesya: "Humayo kayo sa buong sanlibutan; inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilika. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. (Marahil hanggang doon lang ang nabasa ng pastor n'yo. Pero heto pa ang karugtong nun.) Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; magsasalita sila ng mga bagong wika; kung makahawak sila ng mga ahas o makainom ng mga bagay na nakamamatay, hindi 'yun makasasama sa kanila; at kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling."

197 Ngayon, 'yun ang sinabi ni Jesus na gawin nila sa Kanyang Pangalan. Itinatanggi nilang umiiral 'yun, siyanga't humahayo sila't ang tahasang ginagawa ay 'yung taliwas sa sinabi Niya, itinuturo na lumipas na raw ito, walang anuman daw rito, at nagtuturo ng teolohiya imbis 'yun. Oh, kaya naman pala nasasadlak tayo sa ganitong kalagayan.

198 Tumingin kayo rito, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, kapatid ko. Kapag ang Iglesya'y makararating na sa isang dako kung saan, ang bawat miyembro roon ay labis na napuspos ng Espiritu Santo't kapangyarihan, hanggang sa lalakip na ang mga tanda.

199 Naiisip ko si San Pablo roon sa isla matapos na nasira ang kanilang barko. Binigyan siya ng Diyos ng isang pangitain. Noong labing-apat na araw at gabi. . . Wala nang kapaga-pagasa na maililigtas pa sila. Ang maliit, na lumang bangka'y tinatangay sa magkabi-kabila nang *paganoon*, at umiiyak na silang lahat, at labing-apat na araw at gabi. Naroon sa ibaba si Pablo, nagkaroon ng isang pangitain. Lumabas siya; at ang sabi niya, "Lakasan n'yo ang inyong loob, sapagkat ang Anghel ng Diyos, na sa Kanya'y lingkod ako, ang tumayo sa tabi ko't nagsabi, 'Huwag kang matakot, sapagkat kailangan mong humarap kay Cesar. At narito, ipinagkaloob ng Diyos ang lahat ng kasama mo sa paglalayag.'"

200 Noong mawasak ang barko't umahon sila sa dalampasigan, at nakarating sila roon sa mga katutubo, namumulot noon si Pablo ng ilang kahoy, at nagpunta siya't inilalagay ang mga 'yun sa apoy. At doon ay may isang malaking ahas, sinagpang siya sa kamay. Ngayon, nagturok ang ahas na 'yun ng kamandag sa kanyang kamay na kaya sana siyang patayin sa loob lang ng isang minuto. Sabi ng mga katutubo, "Antabayanan n'yo 'yung lalaking 'yun na mabuwal, dahil mamamatay siya sa isang minuto lang."

201 Nakatanikala siya dahil sa pangangaral ng Ebanghelyo. Ginapusan siya ng tanikala ng mga taong relihiyoso. At pinaka magagarang mga simbahan noong araw na 'yun ang nagtanikala

sa kanya. Kung hindi lang sa Konstitusyon ng Estados Unidos, ganoon din sana ang gagawin nila ngayon. Siyanga! Hintayin n'yo lang hanggang sa ito'y—ito'y lalo pang bumagsak.

202 At sinagpang siya ng isang ahas sa kamay. Ngayon masdan n'yo. Hindi natakot si Pablo. Sabi niya, "Sinabi ni Jesus Cristo, 'Kung makahawak sila ng ahas, hindi ito makapapanakit sa kanila.'" Kaya naman lumakad siya rito, ipinagpag ito sa apoy; tumalikod at pumunta upang kumuha ng ilan pang kahoy, at inilagay muli sa apoy; tumalikod at pinainitan ang kanyang likod, at umikot nang paganito at pinainitan ang kanyang mga kamay. Sabi ng mga katutubo, "Bakit hindi siya namatay? Bakit hindi mamatay ang lalaking 'yun? Dapat nabuwal na siya't patay na." Pero puspos na puspos si Pablo ng Espiritu Santo (nakita n'yo na ang ibig kong sabihin?), puspos na puspos ng Espiritu Santo hanggang sa hindi na siya matalaban ng lason ng kamandag.

203 Oh, kapatid, bigyan n'yo ako ng isang iglesyang puspos ng Espiritu Santo. Gagawin ng Diyos sa loob lang ng isang taon kung ano ang nabigong gawin ng lahat ng mga teologo sa loob ng dalawang libong taon. Hintayin n'yo hanggang sa ang pahid ng Iglesya ay talagang tumama na kung saan ito nauukol doon sa matapat na munting mga nalabi. Pagkatapos na magsara na ang mga pintuan ng mga Gentil, oh, papahiran na ng Diyos sa panahon na 'yan ang isang Iglesya. "Ang marumi, ay hayaang magpakarumi pa. Ang matuwid ay hayaang maging matuwid pa, at ang banal ay hayaang magpakabanal pa." At papahiran ng Diyos ang Iglesya ng Kapangyarihan ng Diyos, at magaganap na ang mga bagay-bagay. Hindi lang 'yun sa panahong 'yun, kundi ginagawa na Niya ito ngayon.

204 Masdan n'yo ang mga tanda't mga kababalaghan; tapos titingin din ang mga tao't sasabihin, "Buweno, sa diyablo 'yun." Oh, dahil hindi nila napagkikilala ang Mga Kasulatan, maging ang kapangyarihan ng Diyos. At 'yun ang dahilan kung bakit nasasabi nila ito.

205 Pagpalain nawa kayo ng Panginoon. Pasensya na kung pinanatili ko kayo nang ganitong kaatrasado na. Bihirang-bihira ko lang itong gawin, mangyari nga hindi ko kasi kayo gaanong nakakasama. Kaya maaaring hindi ko nasagot ang mga tanong na ito ayon sa inyong mga iniisip at mga bagay-bagay. Dalawa 'yun na nasagot kaninang umaga. Kung hindi ko nagawa, pagpalain kayo ng Diyos. At hindi ko—hindi ko ibig na—na malungkot kayo o ano pa man. Sadyang kailangan kong sabihin kung ano. . .Sa mga tanong na tinanong n'yo sa akin. Ginagawa ko lang ang abot ng nalalaman ko para sumagot. Siyanga.

206 Ngayon, wala akong gaanong alam tungkol sa mga bagay marahil. Wala akong alam na dapat kong malaman. Pero isang

bagay ang alam ko, inililigtas tayo ni Jesus Cristo sa kasalanan, iniiwas tayo sa kasalanan, at binibigyan tayo ng Kanyang kapangyarihan at mga pagpapala.

207 At kung papansinin n'yo lamang sa paligid at aantabayanan kung anong nangyayari sa mga tao na ipinanalangin. . . Tumingin kayo sa mga bansa't tingnan n'yo ang mga tanda't kababalaghan sa lahat ng dako. At tingnan n'yo ang panahong parating. Gaya nung dalawang sanga na ipinapangaral natin dito noong nakalipas lang, na nagmula pa sa Genesis, kung paano nila ipinapakita kung ano sila sa lahat ng dako. Kung papaanong ang di-mananampalataya, na napaka-pundamental at napakamarangal sa kanyang relihiyon, na anupa't may anyo ng kabanalan, subalit tinatanggihan ang kapagyarihan nito. . . At ang Iglesya ay umuusad.

208 Pagpalain nawa kayo ng Panginoong Jesus, bawat isa, 'yan ang aking dalangin. At mamuhay nawa kayo na kayo'y magkaroon ng labis na malasakit, ilagay nawa ng Diyos sa inyo, na magkaroon ng labis na malasakit para sa mga kaluluwang naliligaw hanggang sa di na kayo makatulog araw o gabi. Ipagkaloob nawa ng Diyos sa Branham Tabernacle na ito ang pribilehiyong 'yun na magkaroon ng labis na malasakit. Hindi ko alintana di man kayo sumigaw, kung di man n'yo nagawa ang alinman sa mga ito, kung kayo'y may labis na malasakit para sa mga kaluluwang naliligaw hanggang sa di na kayo makatulog. Kapag ginagawa n'yo 'yun, magdadatingan ang mundo rito para sila'y maipanalangin. Tama. Magdadatingan dito ang mundo para sila'y maipanalangin. Makikilala kayo sa lahat ng dako. Pagkalooban nawa tayo ng Diyos ng Kanyang Espiritu: gawin tayong mapagpakumbaba; na basagin tayo; at kargahan tayo ng lubos na kapangyarihan ng Diyos para magpagaling ng mga maysakit, para magpalayas ng mga demonyo, para gumawa ng mga kamangha-manghang tanda't kababalaghan; kapag ipinatong n'yo ang inyong mga kamay sa maysakit at hihilingin ang pagpapalang 'yun, nang walang isa mang pag-aalinlangan sa inyong puso, na sinasampalatayanan n'yong gagawin ito ng Diyos. Pagmasdan n'yo ang pasyenteng 'yun, unti-unting iigi ang lagay niya. Bakit? Umalis na ang kasamaan dito. Parang 'yung punongkahoy na nakatayo, tumingin si Jesus, at walang bunga rito. Ang sabi Niya, "Sumpain ka."

Dumaan sila makalipas ang dalawampu't apat na oras. Sabi ni Pedro, "Tingnan n'yo, nalalanta na ang mga dahon." May bagay na naganap. Sinambit ang Salita ng Diyos.

209 Sabi ni Jesus, "Manampalataya kayo sa Diyos. Sapagkat kung sasabihin ninyo sa bundok na ito na malipat, at hindi mag-alinlangan dito, susundin ka nito." Dapat magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos.

Ngayon, oras na ng Komunyon. Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo hihilingin ko na may pumunta sa piyano.

210 Panginoon, ito na po ang oras, ang oras kung kailan marahil ang mga kalalakihan at kababaihan, Panginoon, sa buong mundo ay makikita na nalalapit na ang dakilang oras ng paghatol kung kailan hahatulan na ng Diyos ang lahat ng mga bansa sa kanilang mga katayuang pampulitika. Ang lahat ng dako, bawat lugar, at ang lahat ay dapat na tumayo sa mga paghatol ng Diyos. At Ama, labis po kaming nagagalak na malaman na may pagtakas para sa mga taong ito na...na magnanais na makatakas. At ang rutang 'yun ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo, Siya na—na Supling ni David. At pinasasalamatan Ka po namin, minamahal na Ama, sa pagpapadala sa Kanya sa lupa, na Siya ang Tagapamagitan na madudulugan namin; mamagitan Ka po para sa amin, at iwaksi ang aming mga kasalanan, upang matakasan namin ang poot at pagpaparusa ng Diyos. Alam naming darating na ang poot na 'yun. At doon, gaya ng sinabi ni Juan noong mga nagdaang panahon, "Magsitakas sa poot na darating."

211 Ngayon, Panginoon, idinadalangin namin na habang tumatanggap kami ng Komunyon ngayong gabi na Iyo po kaming pakabanalin, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Dugo na naglilinis; at ang bawat kasalanan nawa ng mga taong ito ay mapatawad. May pagpapakumbaba at taos-puso akong dumadalangin, Diyos, na hindi Mo po hahayaan ang isa man sa amin na tumanggap nito nang hindi karapat-dapat. Sapagkat sinabi Mo sa Iyong Salita, na kung gagawin namin ang gayon, kami ay nagkasala sa Katawan at Dugo ng Panginoon. Ngayon, Ama, pakabanalin Mo po ang mga taong ito at gawing malinis, upang tanggapin namin ito nang walang dungis.

212 At ngayon, Ama, nalalaman namin na unang ibinigay noon ang Komunyon doon sa Egipto. At ang mga taong 'yun na tumanggap ng Komunyon, sa kordero at sa tinapay, habang nagmamartsa sila palabas, apatnapung taon silang naglakbay sa ilang; at walang isa man na nanghihina sa gitna nila noong pumunta sila sa ilang. Nagkomunyon sila.

213 Mahabag Ka po Diyos. Dalangin ko pong ang lahat ng mga maysakit ay gumaling, ang lahat ng mga naliligaw ay maligtas. At ang mga pormal at malamig ang loob, nawa'y lumapit sila sa mga apoy ng Diyos, na pinapainit ang kanilang mga kaluluwa. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Patawarin Mo po kami ngayon at tulungan kami. Nananalangin po kami sa Pangalan ng Iyong Anak.

214 At habang nakayuko ang mga ulo natin, naiisip ko (habang binibigyan tayo ng kapatid ng isang munting tipa sa piyano) kung may isang tao rito na magtataas ng kanilang kamay at magsasabi, "Kapatid na Bill, ako'y—ako'y taos-pusong...

para sa kalagayan ng isang kaluluwa. Nais kong—kong—kong alalahanin mo ako. Ibig kong—kong—kong matanggap ang Espiritu Santo." Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay? Sabihin n'yo, "Alalahanin mo po." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, ikaw, at ikaw. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw. Pagpalain ka ng Diyos, binibini, ikaw, at ikaw, ikaw, Kapatid na lalaki. Grabe, mga kamay sa lahat ng dako. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na babae. Ikaw, Kapatid na babae, nakikita ko ang iyong kamay, na gusto mong matanggap ang Espiritu Santo. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na lalaki.

215 Hindi ba't gusto n'yo ng sadyang mas malapit na paglakad. Tandaan n'yo mga kaibigan, nabubuhay na tayo na malapit na sa Pagparito ng ating Panginoon. Ngayon, pinapatunayan ng Diyos ang Kanyang mga Salita, ang mga tanda at mga kababalaghan ay nasa lahat ng dako.

216 Ngayon, tiyak na hindi ako hahayaan ng Diyos na lumabas at mapahiran ng Espiritu Santo upang magsagawa ng mga tanda't mga kababalaghan, babalik at ipapangaral ang Salita, at kung ano pa, at pagpapalain ito sa lahat ng dako, at gagawin ang mga bagay na ito, maliban na bibigyan Niya muna ako ng ilang kaunawaan ukol sa Kanyang Salita. Hindi Niya ipagkakaloob 'yun nang ganoon. Kaya batid ko ang ipinapangusap ko.

217 Kung wala si Jesus Cristo sa iyo, wala kang Espiritu Santo, huwag ka nawang papagpahingahin ng Diyos hanggang sa matanggap mo ang Espiritu Santo. Huwag kang padadaya. Huwag kang basta na lang sasambit ng isa sa mga pormal na wala man lang pagluha na pagpapahayag at mag-aangkin na nasa iyo na ang Espiritu Santo. Hindi n'yo natatamo ang Espiritu Santo sa pagsampalataya n'yo. Hindi kayo sumasampalataya para matamo ang Espiritu Santo. Ito'y isang kaloob ng Diyos. Sinabi ni Pablo, "Natanggap ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo'y nanampalataya?" Kaya sampalatayanan n'yo ito. At ipagkaloob nawa Ito ng Diyos sa inyo.

218 Ngayon, Ama, sa mga nagtaas ng kanilang mga kamay, Dalangin kong Iyong ipagkaloob sa kanila ang Persona ng Espiritu Santo ngayon din mismo. Dumating nawa Siya nang malalim dito sa marami, sampu o labinlimang kamay na itinaas. Dalangin kong Iyo pong ipagkakaloob sa bawat isa sa kanila ang bautismo ng Iyong Katauhan. Mapuspos nawa silang lubos ng Espiritu Santo, hanggang sa maganap ang mga tanda't mga kababalaghan sa kanilang mga buhay, makakakita sila ng lahat ng uri ng mga tanda. Gaya ng sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa magsisisampalataya." Ipagkaloob Mo po ito, Ama. May pagpapakumbaba naming idinadalangin sa Pangalan ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo. Amen. (Kapatid na Neville.)

*MGA TANONG AT MGA SAGOT* TAG54-0103E

(Questions and Answers)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Enero 3, 1954, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org